


# ANG EDEN NI SATANAS

 Magsiyuko tayo. Minamahal naming Dios, kami po'y nagpapasalamat sa Iyo sa gabing ito para sa napakalaking pagkakataong ito, na makaparitong muli sa Pangalan ng Panginoong Jesus, upang harapin ang aming kaaway, ang Iyong kaaway, dito po sa labas ng larangan ng digmaan; taglay ang Salita, upang maitaboy siya papalayo sa gitna ng Iyong mga tao; nang sa gayon ay makita po nila, sa gabing ito, Panginoon, ang Liwanag ng Ebanghelyo. Dalangin ko po na Iyong papahiran ng gamot na pamahid sa mata ang aming mga mata, nang sa gayon ay mabuksan iyon sa Katotohanan; upang kami'y maaaring lumisan dito, na nagsasabi sa aming mga puso, "Hindi ba't nag-aalab ang ating mga puso sa loob natin habang tayo'y kinakausap Niya sa daan?" Pagalingin Mo po ang mga may sakit at mga nahihirapan. Palakasin Mo po ang mga pinanghihinaan ng loob. Itaas Mo po ang mga nanghihinang kamay na dating nakababa. Nawa ay abangan po namin ang Pagdating ng Panginoong Jesus, na aming pinaniniwalaang nalalapit na. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

Makakaupo na.

<sup>2</sup> Sisikapin kong huwag magtagal sa gabing ito, dahil alam kong marami ang nagsiparito mula pa sa iba't ibang dako ng bansa, upang . . . para sa gawain; o mga nanatili pa, ang ilan sa inyo, at kailangang bumalik, na marahil malayu-layo pa para makabalik. At ako'y nagpapasalamat sa inyo. Kaninang umaga gusto kong makinig kay Kapatid na Neville, ako mismo. At narinig ko na siya maraming beses na, at hindi pa ako kailanman nakinig sa kanya anumang oras nang di ko siya kinalulugdan. Ngunit nitong umaga, ang napapanahong mensaheng iyon, alam kong nasa akin ang pangunguna ng Panginoon na pakinggan iyon kaninang umaga. Napakainam! At nakikita ko kung bakit gusto ninyong mga tao na dumadalo at nakikinig sa kanya, rin. At lagi siyang makagagawa ng mabuti sa inyo, sigurado ako, ang makinig sa kanya.

<sup>3</sup> Sinisikap kong makahabol sa ilang mga panayam sa akin ngayong araw na 'to; kaninang umaga at kaninang hapon. Meron pa rin akong maraming, maraming, maraming haharapin. At ako . . .

<sup>4</sup> Katulad ng, sa palagay ko, si Jethro iyon na nagsabi kay Moises minsan, ang sabi, "Sadyang napakabigat niyon sa iyo." Kaya, meron tayong napakaraming mga kapatirang lalaki rito para sa mga problema ninyo. At bawat isa sa mga iyon ay karapat-dapat naman, at ang mga 'yon ay maseselan na mga bagay na dapat asikasuhin. At irekomenda ko ang ating pastor,

o si Kapatid na Mann, at ang iba pang mga ministrong Kapanalig natin dito. Maaari n'yo silang lapitan. Sasabihin nila sa inyo nang sadyang tama ang bagay na dapat gawin; ang ilang mga tao, ang mga anak nila; pakikipag-isang dibdib sa di-kapanalig o kalahi, o mga bagay na mali. At matutulungan din naman kayo nitong mga kalalakihan tulad ng—tulad ng sino pa mang iba, dahil sila'y mga lingkod ni Cristo. At lapitan n'yo sila, at sigurado ako na kanilang ibi—kanilang ibibigay sa inyo ang tulong na kailangan n'yo. Hindi ko kayang puntahan ang lahat ng mga 'yon. Sadyang napakarami, saan ka man magpunta. Sadyang patuloy na natatambak nang natatambak ang mga iyon, kita n'yo. At—at nais mo namang mapuntahan ang bawat isa sa mga iyon, pero hindi mo magagawa 'yon. Ngunit patuloy pa rin akong nananalangin na ang Dios, sa papaano mang paraan, ay malulutas iyon nang maayos para sa inyo.

<sup>5</sup> Ngayon, sa gabing ito, nais nating tunghayan ang Kasulatan, at basahin ang isang bahagi ng Kasulatan mula sa Genesis, ang ika-3 kabanata; at bahagyang sipiin lang ang ilang bagay na ating pinag-uusapan, noong mga nakaraang panahon, at tingnan kung bibigyan pa tayo ng Panginoong Jesus ng medyo higit pa kaysa sa malalaman natin kapag lumabas na tayo. Aking dalangin—dalangin na gagawin nga Niya.

*Ang ahas nga ay pinaka tuso kay sa alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng PANGINOONG Dios. At sinabi niya sa babae, Tunay ba, na sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain sa alin mang punong kahoy sa halamanan?*

*At sinabi ng babae sa ahas, Sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan ay makakakain kami:*

*Datapuwa't sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna ng halamanan, ay sinabi ng Dios, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo'y mamatay.*

*At sinabi ng ahas sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:*

*Sapagka't talastas nga ng Dios na sa araw na kayo'y kumain niyaon, ay madidilat nga ang inyong mga mata, at kayo'y magiging parang mga dios, na nakakakilala ng mabuti at masama.*

*At nang makita ng babae na ang bunga ng punong kahoy ay mabuting kanin, at nakalulugod sa mga mata, at kahoy na mananasa upang magpapantas sa tao, ay pumitas siya ng bunga niyaon, at kinain; at binigyan din niya ang kaniyang asawang kasama niya; at ito'y kumain.*

*At nadilat kapuwa ang kanilang mga mata, at kanilang nakilalang sila'y mga hubad; at sila'y tumahi*

*ng mga dahon ng puno ng igos, at kanilang ginawang panapi para sa kanilang sarili.*

6 Nawa ang Panginoon ay magdagdag sa . . . ng Kanyang mga pagpapala sa pagbasa sa Kanyang Salita. Ngayon nais ko sanang kumuha ng teksto sa gabing ito, mula riyan, at tawaging: *Ang Eden Ni Satan*. Napakagaspang na kung anong bagay para sabihin, tungkol sa, *Ang Eden Ni Satan*. Ito ay para bang bumabagay, doon sa nakaraang Linggo ng gabi, palagay ko, noong nangungusap ako sa inyo dito tungkol sa *Ang Panala Ng Isang Taong Nag-iisip*, at ang panlasa ng isang taong banal.

7 At kung minsan dinadala tayo sa isang bagay nitong may kagaspangang mga katawagan; pinag-uumpisa tayo nitong mag-aral, at itinutulak kang basahin ang Salita. At iyan ang nais kong gawin ng aking buong kongregasyon. “Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Dios.” Kaya, basahin ninyo ang Salita; pag-aralan Ito. At pag-aralan Ito gamit ang mga mata ng Dios, para mabigyan ng kaunawaan ang inyong mga kaalamang intelektuwal tungkol sa kung paano tayo dapat mabuhay sa kasalukuyang panahon.

8 Ngayon ang pumarito, sa gabing ito, para lamang mangusap sa inyo, para sabihin, “Buweno, magagawa ko *ito o iyan*, . . .”

9 Gusto kong makipag-usap sa mga tao, na kasing-gusto ko na umuwi pa nga sanang kasama ng bawat isa sa inyo ngayong gabi. Ako . . . Alam ng Dios na katotohanan ‘yan. Gusto ko sanang umuwing kasama ng bawat isa sa inyo, at—at kumain—mag-almusal kasama ninyo sa umaga, at—at—at lumabas at manghuli ng mga squirrel kasama n’yo bukas ng hapon, kita n’yo. Ako—gusto ko sanang gawin ‘yan, pero ako—hindi ko magagawa iyan. At gusto ko sanang umuwi at maupo lang at makipagkuwentuhan sa inyo; maupo sa beranda pagkatapos ng gawain, at makipagkuwentuhan saglit sa inyo, makipag-usap sa inyo tungkol sa inyong kapakanan at tungkol sa Dios. Gustung-gusto ko sanang gawin iyan. Mga kalalakihan at mga kababaihan na naririto; batid ng Dios na gusto ko sanang gawin iyan, pero hindi ko magagawa ‘yon. Kita n’yo, sadyang may gayon na lang—gayon na lang katinding paghila at higit na pangangailangan.

10 At—at dito sa nakakanerbiyos na kapanahunang ginagalawan natin ngayon . . . At ako rin ay isang nerbiyosong tao, ako mismo. Ngayong araw na ito may napagpasyahan akong isang bagay, “Sadyang kailangan kong gawin ito,” at bukas iyon ay isang milyong milya na ang layo sa akin; may biglang nakasingit at ginawa *ito* at *iyon*. At nagkakaroon ka nung sandali, na pinipilit mong maging kalmado.

11 Ngunit ang pinakamithiin ko ay ang ipangaral ang Ebanghelyo sa pamamagitan ng Iglesya, at gawin ang lahat ng aking makakaya upang makapaghatid ng karangalan kay Jesus

Cristo sa panahong ito, habang ako'y naririto sa mundo, at sa nalalabing oras na mayroon ako sa mundo. Naparito ako para—para sikaping makapagsabi sa inyo ng bagay na makatutulong sa inyo; isang bagay. Nag-aral ako pagkauwi ko kaninang umaga. “Ano po kaya ang maipangungusap ko ngayong gabi, Panginoon, na makatutulong sa mga taong iyon?”

<sup>12</sup> Sa pakikinig diyan sa napakalakas na mensahe kaninang umaga tungkol sa . . . na inihatid sa atin ni Kapatid na Neville, tungkol sa . . . Palagay ko iyon ay labis na kahanga-hanga, kung paanong sinabi niya doon, “Ang isang doktor ay susuriin ang sakit; pero ang lalaking pumapasok na dala ang isang bandehang puno ng mga heringgilya, siya ang nagbibigay ng iniksiyon.” Kaya naisip kong iyon ay talagang isang—isang tunay na marikit na munting pangungusap. Naisip ko nga ang tungkol diyan, “ang serum, matapos suriin ang sakit.” Kaya iyon ay isang napakainam na bagay.

<sup>13</sup> Ninais kong mangusap ng isang bagay sa inyo, para maghatid ng isang bagay upang mabigyang-kaliwanagan sa inyo ang pangako ng Dios para sa kapanahunang ito. Kita n'yo? Isang bagay, hindi isang bagay kung ano ang sinuman sa ibang panahon noon, kundi isang bagay . . . at kung kailan . . . Ang mga bagay na 'yon ay ayos lang; lahat tayo'y pinagtutukuyan ang mga bagay na 'yon. Pero naisip ko na sisikapin kong ipaalala sa inyo ang isang bagay, sa pamamagitan nitong Mga Kasulatang itinala ko rito, na makapagbibigay-kaliwanagan sa inyo, para malaman, gawin kayong isang higit na mahusay na sundalo sa larangan kung saan kayo nakikipagtunggali ngayon; para malaman ang mga taktika ng kalaban, nang sa gayon ay maharangan ninyo ang lahat ng bagay bago pa ito makaabot sa inyo, kita n'yo. Iyon ang pinakamahalagang bagay, ay ang matutunang makailag sa—sa mga suntok sa iyo, hangga't makakaya mo.

<sup>14</sup> Ngayon, tingnan natin ngayon itong matinding . . . nang ilang sandali, itong matindi't, makasalanang panahong kinabubuhayan natin ngayon. Hindi ako naniniwalang kailanma'y nagkaroon ng panahong nabasa ko na sa kasaysayan . . . Nagkaroon na ng higit na matinding panahon ng pag-uusig, kung kailan ang mga anak ng Dios ay kabi-kabilaang pinagpapaslang. Ngunit ang makita ang pagkamapanlinlang ng kaaway, kailanma'y hindi pa tayo nagkaroon ng panahong katulad nito na kinabubuhayan natin ngayon. Ito ang pinakatuso, pinakamapanlinlang na panahon. At kapag nakikita ko iyan, ito'y pinalilitaw nito, na, ang Cristiano ay dapat na maging higit na alerto sa kasalukuyan kaysa sa pagkaalerto niya sa anumang kapanahunan noon.

<sup>15</sup> Ngayon, noong mga nakalipas na panahon ng pag-uusig, ng Roma, sa Iglesya; may nagawa lang na isang pagkakamali ang isang Cristiano, ipinapasok na siya sa arena at ipinakakain

sa mga leon, o parang ganyan nga, kapag natuklasan nila siya na isang Cristiano dahil sa kanyang patotoo. Ngunit naligtas ang kaluluwa niya, dahil siya ay isang malinis, na dalisay na mananampalataya sa Dios, at malugod niyang tinatakan ng sariling dugo ang kanyang patotoo. Habang bumibigay ang mga litid, o ang mga butas sa kanyang katawan, at ang dugo'y bumubulwak palabas, sumisigaw siya, na may totoong tapat na pananampalataya, at nagsasabi, "Tanggapin Mo po ang aking espiritu, Panginoong Jesus!"

<sup>16</sup> Pero, ngayon, ang katusuhan ng diablo ngayon, ay nagagawang papaniwalain ang mga tao na sila ay Cristiano gayong hindi naman. Hayan ang problema. Hindi mo kailangang tatakan. . . Ito'y—ito'y isang higit na tusong panahon kaysa sa magiging kung ano pa ito, kaysa kung kailan kinakailangan mong tatakan ang iyong—ang iyong buhay ng iyong patotoo. Naglagay na ang diablo ng bawat tusong pain na magagawa niya, para. . . Isa siyang mandaraya. At sinabi sa atin ni Jesus, sa Mateo 24, kung paanong ang panahong ito na kinabubuhayan natin ay magiging, siyang pinakamapanlinlang na panahon na kailanma'y nagkaroon, "halos magkaparehong-magkapareho hanggang sa ililigaw nito ang mismong Mga Hinirang ng Dios kung maaari ngang siya'y makapagligaw."

<sup>17</sup> Ngayon pagkumparahin natin ang ilang Mga Kasulatan, o mga propesiyang tinukoy sa Biblia, para sa panahong ito, at ihambing iyon sa panahong kinabubuhayan natin ngayon.

<sup>18</sup> Sa Ikalawang Timoteo 3, napag-aalaman natin ito, na sinabi ng propeta, na, "Mangyayari sa mga araw na ito, na ang mga tao ay magiging mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios." Ikumpara 'yan ngayon, nang ilang sandali. Hindi tayo. . . Paiikliin lang natin ito, dahil wala tayong ganun kasapat na oras para daanan ang lahat ng ito gaya ng nararapat lang nating gawin dito; ngunit para lang bigyang-diin ito, nang sa gayon ay makita n'yo kapag umuwi na kayo at pinag-aralan ito. "Mga matitigas ang ulo, mga palalo, mga maibigin sa kalayawan kaysa mga maibigin sa Dios; mga walang paglulubag, mga palabintangin, mga walang pagpipigil sa sarili, at hindi mga maibigin sa mabuti." "Ngayon hayag na sinabi ng Espiritu na ang mga bagay na ito ay mangyayari sa mga huling araw." Iyan ay ang mga araw na ito, ang propesiya ay tumutukoy dito.

<sup>19</sup> Ngayon mababasa natin, gayon din, sa Apocalipsis. . . 14, Apocalipsis 3:14, pala, ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea, na kung ano ang magiging kalagayan ng iglesya sa huling panahong ito. At ito ay magiging, ang sabi Nito, "Ito ay uupong gaya ng isang babaeng balo at hindi nangangailangan ng anuman. Ito—ito ay mayaman, at naging mariwasa, at hindi nalalamang sila ay maralita, kahabag-habag, aba, bulag, at hubad, at hindi nalalaman iyon." Ang. . . Ngayon, alalahanin,

kausap Niya ang iglesya ng kapanahunang ito, “aba, bulag, hubad, at hindi alam iyon.” Iyang huling pariralang ’yan, iyang huling Salita, ang siyang nakapagpapaging labis na kapuna-puna dito. Ang akala nila sila ay puspos nang talaga ng Espiritu, na lahat sila’y handa na. Ang Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea ay ang Kapanahunan ng Iglesyang Pentecostal, dahil ito na ang huling kapanahunan ng iglesya. Si Luther ay nagkaroon na ng kanyang mensahe; si Wesley ay nagkaroon na ng kanyang mensahe; at ang Pentecostal ay nagkaroon na ng kanilang mensahe.

<sup>20</sup> Gayon din, sinabi Nito, na, “Sapagkat ikaw ay malahininga, hindi mainit o malamig man,” ang panlabas na mga emosyon, ang mental na kaisipan tungkol sa Ebanghelyo; “sapagkat,” ang sabi Niya, “ikaw ay ganyan, ay isusuka Kita mula sa Aking bibig.” Sa iba pang salita, nasusuka Siyang makita ang iglesyang nasa ganoong kalagayan.

<sup>21</sup> At, alalahanin, isinuka nila Siya; at Siya ay nasa labas ng iglesya, nagsisikap na makabalik sa loob, diyan sa kalunos-lunos na Kapanahunan ng Iglesya ng Laodicea.

<sup>22</sup> Ang dios ng sanlibutang ito ngayon, ang sinasambang persona nitong sanlibutan ngayon, ay si Satanas. At ang mga tao ay walang-muwang na sinasamba si Satanas, pero ’yun ay si Satanas na nagpapanggap mismo bilang ang iglesya, kita n’yo, bilang ang iglesya. Sinasamba nila si Satanas, sa pag-aakala na sinasamba nila ang Dios sa pamamagitan ng iglesya, ngunit sa gayong paraan ’yon ginawa ni Satanas.

“Oh,” sasabihin mo, “pero sandali muna; ipinangangaral namin ang Salita.”

<sup>23</sup> Magbalik-tanaw dito sa aking teksto, sa gabing ito. Si Satanas ang siyang nangaral ng Salita kay Eba, muna, “Sinabi ng Dios,” kita n’yo.

<sup>24</sup> ’Yung maling pagpapakahulugan sa bahaging iyon ng Kasulatan ang siyang umaakma sa panahon. Ipapaalam niya sa iyo na ang lahat ng ginawa ni Jesus ay sadyang mainam talaga. Ipapaalam niya sa iyo na ang lahat ng ginawa ni Moises ay sadyang mainam talaga. Ngunit kapag tinanggap mo naman ang mga pangako na Kanilang ibinigay para sa panahong ito, kung gano’n Iyan ay ginamit sa ibang kapanahunan. Iyon lang ang kailangan niyang gawin, kita n’yo, ang papaniwalain ang mga tao Dito sa gayong paraan, at iyon—iyon lang. Sapagkat, “Hindi ka maaaring magbawas ng isang Salita mula Rito, o magdagdag ng isang salita Rito.” Pero iyan ang ginagawa niya.

<sup>25</sup> Ang mga tao, walang-muwang na sinasamba si Satanas, nag-aakalang sinasamba nila ang Dios; gaya ng binalaan tayo sa pamamagitan ng propesiya, sa Ikalawang Tesalonica. Iyan, basahin nga natin iyan, Ikalawang Tesalonica, ang ikalawang kabanata. Kunin lang natin ito sandali, kung makakaya ko,

ngayon din. Nais kong basahin iyan. 'Yung, palagay ko, Ikalawang Tesalonica lang. Nandito na sa akin 'yung Kasulatan. Sa Ikalawang. . .

*Ngayon aming ipinamamanhik sa inyo, mga kapatid, tungkol sa pagparito ng ating Panginoong Jesus. . . at sa pagkakatipon sa kaniya,*

<sup>26</sup> Ngayon, kita n'yo, “ang pagparito ng Panginoon, at ang pagkakatipon sa Kanya,” dahil titipunin ng Dios sa Sarili Niya ang Kanyang mga hinirang sa mga huling araw. “Ang pagkakatipon ng mga tao sa Panginoon,” hindi sa iglesia, “sa Panginoon; pagkakatipon sa Kanya.”

*Upang huwag kayong madaling matinag sa pagiisip ninyo, o. . . mabagabag–mabagabag, maging sa pamamagitan man ng espiritu, o. . . salita, o sa pamamagitan ng sulat na waring mula sa amin, na waring. . . nalalapit na ang kaarawan ng Panginoon.*

*Huwag kayong padaya kanino man sa anomang paraan: sapagka't ang araw na iyon ay hindi darating, maliban nang dumating muna ang pagtaliwakas, at ang taong makasalanan (“taong makasalanan,” bantayan kung ano na siya ngayon), mahayag ang taong makasalanan, ang anak ng kapahamakan, (iyon ay si Judas, kita n'yo);*

*Na sumasalangsang at nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios, o sinasamba; ano pa't siya'y nauupo sa templo ng Dios, na siya'y nagtatanyag sa kaniyang sarili na tulad sa Dios.*

<sup>27</sup> Iyang pagkamapanlinlang ng iglesia ng kasalukuyan! Kita n'yo, “ang anak ng kapahamakan,” ang diablo. “Ang anak ng kapahamakan,” ang diablo. Pagkatapos, ang mga tao ay sinasamba si Satanas sa panahong ito, nag-aakalang sinasamba nila ang Dios. Pero sinasamba nila siya sa pamamagitan ng isang kredo, isang gawang-tao na mga denominasyon at mga kredo na ibinaba ang mga tao doon mismo sa pinakamalaking panlilinlang na kailanma'y nalaman ng mundo. Kahit na gaano pang ang Salita ng Dios na ipinangako sa panahong ito, ay naipangaral at napagtibay, hindi pa rin nila Ito paniniwalaan. Hindi nila Ito paniniwalaan.

<sup>28</sup> Kung gano'n bakit? Nagtataka tayo kung bakit. Bakit hindi ganun; bakit ayaw nila Itong paniwalaan? Samantalang sinabi ng Dios na Kanyang gagawin ang isang bagay, at ginagawa nga Niya iyon, at ganun pa man tinatalikuran nila iyon at nilalayuan iyon. Sadyang tulad ng alam ni Eba na kung ano man ang sabihin ng Dios, ay gagawin ng Dios; pero tinalikuran niya iyon, para makinig sa kung anong kailangan nitong sabihin.

<sup>29</sup> Alalahanin lamang, sa ibang mga kapanahunan, dati nang laging gayon ding bagay. Sa bawat kapanahunan, dati

nang laging ganoon na pinipilit baluktutin ni Satanas iyang Salita sa kanila, ipinapakita sa kanila ang kung anong ibang kapanahunan.

<sup>30</sup> Tingnan n'yo, nang dumating si Jesus, kita n'yo, si Satanas ay naroon sa pulutong na iyon ng mga Hudyong guro, at mga rabbi at mga saserdote, sinisikap sabihin sa kanila na sundin ang batas ni Moises, gayong ang mismong Salita ay nagsabi na sa panahong iyon ay mahahayag ang Anak ng tao, kita n'yo, na ihahayag Niya ang Kanyang Sarili. Kaya sinisikap nila, habang napapanatili nila silang relihiyoso, at nasa kautusan ni Moises. Kita n'yo kung anong ginawa niya? Sinisikap niyang sabihin sa kanila, "Iyang bahagi ng Salita na iyan ay sadyang tama ngang talaga, pero ang Lalaking ito ay hindi ang Taong iyan." Kita n'yo kung gaano siya kamapanlinlang? Iyan 'yung tunay na panahon ng panlilinlang.

<sup>31</sup> Iyon noon pa, at ngayon nga rin, ay si Satanas na itinatatag ang kanyang kaharian sa lupa. Iyan ang talaga ngang dahilan kung bakit niya ginagawa iyon, pagkat gusto niyang itatag ang sarili niyang kaharian.

<sup>32</sup> Bilang isang negosyante, na hindi isang Cristiano, gagawin niya ang bawat pakulo na magagawa niya para magawa niyang makita mo ang isang bagay sa maling paraan. Kung meron siyang isang—isang layunin at isang personal na pakinabang sa pagpapagawa sa iyo niyan, ginagawa kang makita ito sa gayong paraan, ipapakita niya ang lahat ng makakaya niya, at ilalayo ka mula sa katotohanan nito, dahil may pakialam siya para sa sarili lang niya. Kahit gaano pa siya magsinungaling at mandaya, at maging ano pa man, meron siyang personal na pakinabang.

<sup>33</sup> At iyan ang dahilan kaya ginawa ni Satanas ito. At kumilos na siya sa buong ministeryo para gawin ito, gaya ng ipinangako ng Dios na gagawin nga niya. Ngayon, nagsimula siya sa pamamagitan ng relihiyosong panlilinlang sa Eden, at nagpatuloy na mula noon.

<sup>34</sup> Hindi sa pamamagitan ng pagbubuo ng isang pulutong ng mga komunista. Walang kinalaman dito ang mga komunista. Ang iglesya iyon, diyan kayo dapat magbantay, kita n'yo. Hindi ang—hindi ang mga komunista ang siyang magliligaw sa mismong Mga Hinirang. Ang iglesya ang siyang magliligaw sa mismong Mga Hinirang, kita n'yo. Hindi ang mga komunista; alam nating di sila naniniwala sa Dios, at sila'y mga anti-Cristo, tiyak na sila nga, sa prinsipyo, ngunit hindi sila *ang* anti-Cristo. Ang anti-Cristo ay relihiyoso, napakarelihiyoso, at kayang sipiin ang Kasulatan, at gawin Itong mukhang napakalinaw.

<sup>35</sup> Tulad ng ginawa doon ni Satanas noong pasimula, sinipi niya ang lahat hanggang dulo, "Sinabi nga ng Dios, 'Huwag kayong kakain ng bawat punongkahoy ng halamanan.'" Kita n'yo, sinipi Iyon nang buo mismo.



<sup>36</sup> Sinabi ng babae, “Oo, maaari kaming makakain sa lahat ng mga punongkahoy ng halamanan, ngunit may isang punongkahoy sa gitna ng halamanan na sinabi ng Dios na huwag kainin, sapagkat, ni huwag ngang hipuin iyon; dahil, sa araw na gawin nga namin, sa araw ding iyon kami mamamatay.”

<sup>37</sup> Sinabi niya, “Oh, tiyak na hindi kayo mamamatay. Pero hayaan mong ibigay ko sa iyo ang dahilan kung bakit sinabi ito ng Dios, ay dahil. . .” Kita n’yo, ginawa niya ngayon ang ano? Sinipi niya itong Katotohanan, nakita n’yo. Sinabi niya, “Bubuksan nito ang inyong mga mata, at ipababatid nito sa inyo ang mabuti at mali. Kayo ay magiging katulad ng Dios kung gano’n, kung magagawa n’yo iyon.”

<sup>38</sup> Iyan lamang talaga ang gusto niyang gawin, at iyan ngang talaga ang siya ring bagay na sinisikap niyang gawin sa kasalukuyan. Nagkaroon na ng relihiyosong panlilinlang mula pa noong mismong pasimula sa Eden, at naging gayon na mula noon. Noong panahon ni Adan, isang panlilinlang iyon. Noong panahon ni Noe, isang panlilinlang iyon. Noong panahon ni Jesus, ay ang gayon pa rin. At ngayon ay ang gayon pa rin, ang gayon pa ring paraan, isang relihiyosong pagkamapanlinlang!

<sup>39</sup> Ngayon, mapapansin natin ang mundo, noong nakapasailalim ito sa pamamahala ng Dios. Ngayon, noong nakapasailalim ito sa pamamahala ng Dios. . . nakapasailalim ito sa Kanyang pamamahala. Pagkatapos nang si Satanas na ang namahala, sa pamamagitan ng pagtakuwil sa Salita ng Dios. Minsan nang nakapasailalim ang mundo sa pamamahala ng Dios. Isinaayos Niya ito sa sarili nitong orbito. Inilagay Niya ito, pinagana ito. Ginawa Niya ang lahat, ipinasailalim ito sa Kanyang pamamahala. Ngayon ihahambing natin iyan doon sa nang matapos itong ipasailalim ni Satanas sa kanyang pamamahala.

<sup>40</sup> Ngayon, ang Dios ay inabot ng anim na libong taon. Hindi naman Siya inabot nang ganun katagal, pero ginamit Niya ang ganoong tagal. Anim na libong taon, dahil sa itinuro sa atin na “ang isang araw sa Langit ay isang libong taon sa lupa,” at iyon ay anim na libong taon, o anim na araw na ang Dios ay nilikha ang mundo. Ngayon, ang Dios ay inabot ng anim na libong taon para itatag ito, taniman ito ng mga mabubuting binhi at patubuin ang lahat ayon sa uri nito. Ang lahat ay dapat na sumibol ayon sa uri nito. Ang lahat ng Kanyang mga binhi ay mabubuti, at samakatwid ay dapat itong sumibol ayon sa uri nito. Ang Dios ay gumamit ng anim na libong taon.

<sup>41</sup> Sa wakas, nang matapos na Niya ang lahat, at sa wakas tayo. . . sa wakas ay dumating kung saan ang himpilan, ng mundo, ay nasa isang magandang dako na nakahimlay sa silangan ng Eden, na tinatawag na halamanan ng Eden. Ginawa ng Dios ang himpilan ng mundo sa halamanan ng Eden, sa

Egipto, sa mismong dulo ng gawing silangan ng halaman ay ang himpilan.

<sup>42</sup> At sa buong kalagayan, ginawa Niya ang Kanyang anak at ang asawa ng Kanyang anak, na nakapangingibabaw sa lahat ng iyon. Tama 'yan. Iyan ang ginawa ng Dios. Sila ang pinamahala Niya nang lubusan. Kaya nilang kausapin ang hangin, at iyon ay hihinto sa pag-ihip. Kakausapin nila ang punongkahoy, at iyon ay lilipat mula *rito* patungo *doon*.

<sup>43</sup> Ang leon at ang lobo ay magkasamang kumakain, at ang kordero ay nahihigang kasama ng mga ito. Walang kasamaan noon. Iyon ay sakdal na kapayapaan, sakdal na pagkakaisa, lahat ng bagay nasa kasakdalan, at noong nasa ilalim iyon ng pamamahala ng Dios. At pansinin, nasa Kanya noon ang Kanyang. . .Nasa Kanya noon ang Kanyang daigdig, pinagana Niya ang lahat. Pinasibol Niya ang lahat. Lahat kumakain mula sa mga punongkahoy at halaman; walang mamamatay, walang masisira, walang mabubulok. Wala . . . Iyon ay sadyang sakdal.

<sup>44</sup> At sa ibabaw ng lahat niyon, ay inilagay Niya ang Kanyang minamahal na mga anak, ang Kanyang anak na lalaki at ang Kanyang anak na babae, isang asawang lalaki at asawang babae, para pamahalaan iyon.

<sup>45</sup> Labis na nasiyahan ang Dios! “At nagpahinga Siya mula sa lahat ng gawaing Kanyang ginawa, nang ikapitong araw;” at ginawang banal itong ikapitong araw na sabbath para sa Kanya.

<sup>46</sup> Sapagkat, muling tiningnan itong lahat ng Dios, pagkalipas ng anim na libong taong paghuhulma Niya rito at pagsasaayos dito, para mapalitaw iyon; at pinalitaw ang mga kabundukan, at pinagalaw ang mga bulkaniko para maitulak paitaas ang mga kabundukan, at ang mga bagay na naganap sa mga pagputok; pinatuyong lubos iyon, at inayos iyon sa paraang ginawa Niya. At iyon ay isang magandang lugar.

<sup>47</sup> Iyon ay walang-katulad, ang dakilang mga paraiso ng Dios! At ang mga dambuhalang dinosaur, at ang lahat ng kung ano pa man, na nagpapalibot-libot doon, at ang sa mga dambuhalang hayop; hindi nananakit ang mga ito. Ang mga ito ay sadyang kasing amo ng isang munting kuting. Sila'y walang kahit ano doon; wala—walang sakit, walang pagdadalamhati; wala ni isang mikrobyo ng karamdaman sa ibabaw ng lupa. Oh, napakagandang lugar!

<sup>48</sup> Ang mga naglalakihang ibon nagpapalipat-lipat sa mga punongkahoy, at natatawag ni Adan ang mga ito sa pangalan, at lumilipad ang mga ito sa kanyang mga balikat at—at banayad na humuhuni sa kanya. At, oh, anong kahanga-hangang lugar na mayroon ang Dios!

<sup>49</sup> At pagkatapos ay gumawa ng isa sa Kanyang mga katangian mula sa Kanyang Sariling Katawan. Ang Dios ay may mga katangian sa Kanyang Katawan.

<sup>50</sup> Katulad ng, ikaw ay isang katangian ng iyong ama. At, iyong mapapansin, ikaw noon ay nasa iyong kalolo-lolo-lolohan. Ngunit, diyan, sabihin nating, gagamitin nating halimbawa ikaw at ang iyong ama. Ngayon, wala kang kaalam-alam noong ikaw ay nasa iyong ama. Ang binhi ng buhay ay galing sa lalaki. Nasa lalaki ang selula ng dugo; nasa babae ang—ang itlog; ngayon, samakatwid, nasa loob ng selula ng dugo ang buhay. At, noon, nang ikaw ay nasa iyong ama, sa katunayan wala kang kaalam-alam tungkol doon. Pero, ganun pa man, pinatutunayan ng siyensiya at ng Salita ng Dios na ikaw noon ay nasa iyong ama, pero wala kang kaalam-alam tungkol doon.

<sup>51</sup> Ngunit ganun pa man pinanabikan ng ama na makilala ka. At dahil sa pagkakaiba ng pagkakaugnay sa ina, kung gano'n ikaw ay naihayag sa ama. Ngayon, ikaw ay isang katangian ng iyong ama. Kamukha ka niya, at may mga bahagi ka ng iyong katawan na kamukha ng sa iyong ama.

<sup>52</sup> Ngayon, ganyan noon ang Dios sa pasimula. Bawat anak na lalaki ng Dios at bawat anak na babae ng Dios ay nasa Dios na noong pasimula. Hindi mo 'yon naaalala ngayon, pero naroon ka noon. Alam Niya iyon. At ginusto Niyang mabuo ka nang sa gayon ay makaugnay ka Niya, makausap ka at mahalina ka, at kamayan ka.

<sup>53</sup> Hindi ba gusto mo ang sarili mong anak na lalaki . . . Hindi ba't isang dakilang araw kung kailan ang anak mong lalaki ay makakauwi na at makakaupo sa hapag-kainan? Kapag bumalik na siya mula sa larangan ng digmaan, o kung ano pa mang ibang bagay, na may mga pilat; gaano mo ihahanda ang hapunan; papatayin mo ang pinatabang guya, o kung ano pa mang iba, at maghahanda para sa kanya! Iyon ay sarili mong laman at dugo, at siya ay naroon noon sa iyo. Hindi mo pa siya kilala noon, ngunit alam mong naroon siya.

<sup>54</sup> At kaya alam ng Dios na mapaparito tayo, pero ganun pa man inilagay Niya tayo sa katawang-lupa nang sa gayon ay maaari tayong makaugnayan. Para makaugnay naman Niya, Siya ay naging isa sa atin nang Siya'y maging si Jesus Cristo, ang Anak ng Dios Mismo, ang kapuspunan ng kahayagan ng Dios. Samakatwid iyan ang layunin ng Dios, ang ipakita ang Kanyang mga katangian sa pakikisalamuha.

<sup>55</sup> Noong ako'y nasa aking ama, wala akong kaalam-alam tungkol doon. Pero nang maging anak niya ako at isinilang na ang pinagmulan ay siya, ako noon ay isang katangian, isang bahagi ng aking ama. At ikaw ay isang bahagi ng iyong ama.

<sup>56</sup> At bilang mga anak ng Dios, tayo ay isang bahagi ng katangian ng Dios na nasa Kanya, naging tao tulad ng Siya rin ay nagkatawang-tao, nang sa gayon ay magkaroon tayo ng pagsasamahan sa isa't isa, bilang isang pamilya ng Dios

sa ibabaw ng lupa. At iyan ang layunin ng Dios sa pasimula. Siyanga, po. Iyan ang gusto noon ng Dios sa pasimula.

<sup>57</sup> Ang lahat ay nasa ilalim ng Kanyang pamamahala. At inilagay Niya ang tao sa halamanan ng Eden, sa kalagayan na may sariling pagpapasya; ang sabi, “Anak, sa iyo na ito.”

<sup>58</sup> Napakagandang lugar! Lubos na nasiyahan ang Dios, hanggang sa bumalik lang Siya at nagpahinga mula sa lahat ng Kanyang mga ginawa. Bawat puno ay hindi nagbunga ng mga tinik at dawag. Walang berries na kailanman ay lumitaw mula sa isang punong tinik. Ang lahat ng bagay ay sakdal. Ang lahat ng mga binhi ay sakdal. Ang lahat ng bagay ay nasa sakdal na kalagayan.

<sup>59</sup> Pagkatapos nang Siya ay umalis at magpahinga sandali, ang Kanyang kaaway ay lihim na nakapasok sa pamamagitan ng panlilinlang, at pinagharian iyon, sa pamamagitan ng pagpapakahulugan nang mali sa Kanyang programa sa Kanyang mga anak. Samantalang, pinagkatiwalaan Niya ang Kanyang Sariling anak; gaya ng pinagkatiwalaan mo ang anak mong dalaga kapag lumalabas siya sa gabi kasama ng isang lalaki; tulad ng pinagkatiwalaan mo ang iyong anak na binata kapag kailangan niyang sumama sa isang binatang manginginom o isang binatang nagsisigarilyo. Kita n’yo, pinagkatiwalaan Niya ang Kanyang anak na lalaki, na wala siyang anumang gagawing hindi tama, at susundin ang bawat Salitang Kanyang sinabi. Pero lihim na nakapasok ang kaaway; katulad nung lalaking mabuladas na ilalabas ang iyong anak na dalaga at aasta siya nang di-tama; o kaya—o kaya ay kung sinong babae na isasama, lalabas kasama ang iyong anak na lalaki, at ang gayon ding bagay. Kita n’yo, lihim siyang nakapasok. Ang kaaway ng Dios ay lihim na nakapasok at pinamalian ng kahulugan kay Eba ang Salita.

<sup>60</sup> Ngayon, siya, sa pagkakahulog na ito, nanaig na ito at ginawang sariling pag-aari ang halamanan ng Eden, siya mismo. Pinamahalaan niya iyon. At ngayon nagkaroon na siya ng anim na libong taon ng mapanlinlang na pamamahala; nililinlang ang mga tao, ang mga anak ng Dios, katulad ng ginawa niya noon. Sapagkat, sila ay nakabatay sa sariling malayang kalagayan ng pagpapasya, para kumilos sa anumang paraan na ibigin nila. At dahil naniniwalang kikilos sila nang tama, o nagtitiwalang kikilos sila nang tama, pagkatapos ay nagkamali sila ng pagkilos, at ipinagbili ang kanilang mga karapatan ng pagkapanganay, tulad ng ginawa ni Esau, para sa sanlibutan. At nakuha iyon ni Satanas, at pinamahalaan niya iyon. At nagkaroon na siya ng anim na libong taon para itayo ang kanyang Eden, tulad ng ang Dios ay nagkaroon noon ng anim na libong taon para mabuo ang Kanyang Eden. At sa pamamagitan ng pandaraya, pandaraya sa Salita, o sa mga tao, ay naitayo

na niya ngayon ang kanyang sariling Eden sa lupang ito, sa kasalanan.

<sup>61</sup> Ang Eden ng Dios ay itinatag sa katuwiran. Ang Eden ni Satanas ay itinatag sa kasalanan, sapagkat si Satanas ay kasalanan. Ang Dios ay katuwiran, at ang kaharian ng Dios ay itinayo sa katuwiran, at kapayapaan, at Buhay. At ang pagkakatatag ni Satanas ay sa kasalanan, at relihiyosong kasalanan.

<sup>62</sup> Pansinin kung paano siya nanlinlang, ang kanyang pandaraya, gaya ng kanyang sinabi na kanyang gagawin. Ipinangako niyang gagawin niya iyon. May nakakaalam ba niyan? Dumako tayo sa Isaias, kung nais n'yo ng ilan sa Mga Kasulatang ito. Kung kayo. . . Dapat maraming ganyan ang sipiin ko, palagay ko. Dumako tayo sa Isaias ika-14 na kabanata, sa ilang saglit lang, at tingnan lang kung ano ang sinabi ni Satanas dito, sa ilang saglit lang. Sa Isaias 14, babasahin natin iyon, at masdan n'yo kung ano ang ginawa ng nilalang na ito. Isaias 14, simulan sa ika-12 talata.

*Ano't nahulog ka mula sa langit, Oh Lucifer, anak ng umaga! paanong ikaw ay lumagpak sa lupa, ikaw na siyang nagpahina sa mga bansa!*

*At sinabi mo sa iyong sarili, Ako'y sasampa sa langit, aking itataas ang aking luklukan sa itaas ng mga bituin ('yan ay ang mga anak), mga bituin ng Dios: at ako'y uupo rin sa bundok ng kapisanan, . . . sa kadulduhuhang bahagi ng hilagaan:*

*At ako'y sasampa sa itaas ng mga alapaap; at ako'y magiging gaya ng Kataastaasan.*

<sup>63</sup> Ngayon ikumpara iyan sa banda rito sa ating iba pang Mga Kasulatan sa dako ng Tesalonica, kani-kanina lang, kung paanong sinabi niya, "Siya'y nauupo sa templo ng Dios, nagmamataas laban sa lahat na tinatawag na Dios, na anopa't siya bilang kunwa'y ang Dios ay sinasamba sa lupa bilang Dios."

<sup>64</sup> Hayan ang dios ng sanlibutang ito na ipinangaral ko sa inyo nung nakaraang Linggo. Heto siya ngayon na nasa panlilinlang, iyang mapanganib na oras, iyang matinding panahon na kinabubuhayan natin. Ito ang pinakamaluwalhating panahon sa lahat ng mga kapanahunan, sapagkat hinaharap nating muli ang dakilang Milenyum; kakaharapin nating muli ang Eden. Ngunit sa mismong kapanahunang ito, ang lahat ng panlilinlang at bawat taktikang ginamit niya mula pa noon at sa pamamagitan niyon ay nakapanlinlang, tinipon na niyang lahat iyon at lalo pang pinalakas ang kanyang sarili; at bumabang katulad ng Dios, at ginawa ang kanyang sarili na kahalili ng Dios; relihiyoso, at nakakabanggit ng Kasulatan at nakakapangusap sa iyo ng Kasulatan, sadyang tulad ng ginawa ni Satanas kay Eba sa halamanan ng Eden. Pero ang hindi isama ang isang

katiting na bahagi Nito, ang kailangan lang niyang gawin, gawin ang puwang na iyan, kung saan maaaring makapasok ang makamandag na doktrina ng diablo, katulad ng Panala ng lalaking nag-iisip na pinag-usapan natin nung isang gabi.

<sup>65</sup> Ngayon, sinabi niyang itataas niya ang kanyang sarili sa Kataas-taasan; siya ay sasampa sa itaas ng mga alapaap at mga bituin, at uupo siya roon na gaya ng Dios, at magiging mataas sa Kataas-taasan. At nagtagumpay na siya sa pagsasagawa ng kanyang mga banta. Nagkaroon na nga siyang tiyak ng isang kamangha-kamanghang tagumpay sa pagsasagawa ng kanyang mga banta, sa pamamagitan ng mga taong hinahayaan siyang ipaliwanag nang lihis, sa bawat kapanahunan, ang halaga ng ipinangakong Salita ng Dios para sa kapanahunang iyon. Ganyang-ganyan kung paano niya ginawa iyon. Sa bawat kapanahunan, ipinaliwanag niya Ito nang lihis.

<sup>66</sup> Noong mga araw ni Noe, ikinatwiran niya na imposibleng umulan mula sa langit, dahil, “walang ulan doon sa itaas.” Ang kanyang dakilang siyentipikong ebanghelyo na ipinangaral niya sa halamanan ng Eden! Kaya niyang paakyat ang mga instrumento sa buwan at patunayan na walang halumigmig doon sa itaas. Ngunit sinabi ng Dios na may darating na ulan. Pero nagtagumpay si Satanas, at nilason ang pag-iisip ng mga tao, sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik, na, “iyon ay hindi kayang gawin.” Ngunit iyon ay nagawa. Sinabi ng Dios na iyon ay magagawa, at nagawa nga iyon. Ginawa nga Niya.

<sup>67</sup> Ngayon, noong mga panahon ni—ni Jesus, ginawa niya ang gayon ding bagay. Nilason na naman niya ang kanilang mga pag-iisip sa pamamagitan ng panlilinlang, kita n’yo, pinamamalian ng pakahulugan ang Salita. “Kung Ikaw nga ang Anak ng Dios, ngayon tingnan ko nga ang gagawin Mo tungkol dito.”

<sup>68</sup> Hindi siya pinatulan ni Jesus. Kailanman ay di Niya pinatulan. Ang Dios ay hindi isang payaso. Hindi Niya kailangang sagutin ang anumang itinatanong ni Satanas. Mayroon lamang Siyang... Ang sabi ni Jesus, “Nasusulat, ‘Hindi ka mabubuhay... Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Dios.’” Kita n’yo, hindi Niya kinailangang magpakitang-gilas, sa kanya. Hindi Niya kinailangang gumawa ng tinapay. Kaya naman sana Niyang gawin ’yon, pero kung gayon pinakinggan na Niya ang diablo, kaya hindi Niya kinailangang makinig sa diablo.

<sup>69</sup> At muli ito ay isang relihiyosong kasalanan, katulad ng sa pasimula, labis na mapanlinlang. Masdan n’yo ngayon iyon. Hindi lamang iyon puro dati nang pangkaraniwang kasalanan, pangangaliwa at paglalasing, at pagbanggit sa Pangalan ng Dios sa walang kabuluhan. Hindi ’yan iyon. Hindi.

<sup>70</sup> Natatandaan n’yo ba maraming taon na ang nakakaraan, marami sa inyo na naririto, ’yung mga datihan, natatandaan

n'yo ba 'yung sermon na ipinangaral ko, tungkol sa, *Ang Mga Kabiguan Sa Paghuhukom*. Ang babaeng nagbebenta ng aliw, hindi siya mauunsiyami doon. Alam niya kung saan siya mapupunta. Ang lasenggo ay hindi mauunsiyami doon. Ang taong nagtitinda ng ilegal na alak, ang sugarol, ang sinungaling, ang magnanakaw, hindi siya mauunsiyami. Pero, 'yung tao na inaakalang tama siya, hayan ang kabiguan.

<sup>71</sup> Iyan 'yung tao na, halimbawa, lalapit at magsasabi, "Panginoon, hindi ba't ipinangaral ko ang Ebanghelyo, hindi ba't nagpalayas ako ng mga demonyo, sa Iyong Pangalan?"

<sup>72</sup> Sabi ni Jesus, "Lumayo ka sa iyo...sa Akin, ikaw na gumagawa ng katampalasanan. Kailanman ay ni hindi man lang Kita nakilala." Hayan ang kabiguan, kita n'yo, iyang pagkamapanlinlang.

<sup>73</sup> Iyan ang lagi kong...diyan ako labis na hindi nauunawaan. Hindi sa gusto kong maging iba. Hindi ko gustong maging iba, pero kailangan kong maging tapat. Mayroon akong Mensahe, at Iyan ay kailangang makarating sa mga tao. Ginagawa nitong labis na di nauunawaan sa gitna ng mga tao. Ang akala nila kontra ako sa lahat. Kung alam lang nila, ako'y para sa lahat, at nagsisikap nang labis para maihatid sa kanila kung ano ang Katotohanan, sadyang gaya ng pagkakalagay nito sa puso ko at kung paano ito nakalagay sa Biblia rito. At iyan ay pinatutunayan ng Dios bilang siyang Katotohanan, kaya wala nang ano pa mang magagawa pa tungkol dito. Kaya, maging tinitingnan man nila Ito, o hindi.

<sup>74</sup> Kita n'yo, ayaw nilang makita Ito, dahil nabili na sila, naipagbili na ang kanilang mga karapatan ng pagkapanganay sa kung anong organisasyon, kung anong denominasyon; upang subukin ang kanilang mga karapatan ng pagkapanganay, para makarating sa Langit base sa kung anong inorganisang relihiyon, na ang pangulo ng bawat kaliit-liitan nito ay si Satanas. Ang Dios ay hindi kailanman nagkaroon ng inorganisang relihiyon, hindi kailanman. At binibili nila iyan, kung saan sila, isang pulutong ng mga tao, ay ipinapaliwanag ang Salita at nagsasabing ang ibig sabihin Nito ay *ito* at ang ibig sabihin Nito ay *iyang*.

<sup>75</sup> Ang Dios ay hindi nangangailangan ng tagapagpaliwanag. Siya ang gumagawa ng Sarili Niyang pagpapaliwanag. Hindi Niya kailangan ng kahit sino pa para sabihin sa Kanya kung paano gawin iyon. Siya ay nakapangyayari sa lahat. Sinabi Niya kung paano Niya iyon gagawin, at sa ganyang paraan Niya dapat panatilihin ang Kanyang Salita. Nang sabihin Niyang, "Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya," iyan na mismo 'yung ibig Niyang sabihin. Anuman ang sinabi Niya na mangyayari, sinabi Niyang mangyayari iyon sa mga huling araw na ito, na may gagawin Siyang mga bagay, at ginawa nga Niya

iyon. Wala Siyang kailangang pagtanungan kung panahon na ba o hindi. Alam Niya kung anong panahon, at kung ano ang plano.

<sup>76</sup> Ngayon, si Satanas, itong mandaraya, gaya ng sinabi sa Mateo 24:24, na may napakaraming pandaraya. Ngayon, napag-alaman natin na sa pamamagitan ng kanyang mga pang-ebanghelyong programa ng kaalaman, mas mainam na edukasyon, mas mataas na etika, sibilisasyon, at iba pa, ay naakit ang mga tao na gustong magsilbi sa Dios, na maniwala sa kanyang kasinungalingan.

<sup>77</sup> Ayaw gawin iyon ni Eba, pero ipinakita niya sa kanya kung paanong may higit na karunungan doon. Hindi niya alam; ginusto niyang malaman. Hindi niya naunawaan, pero ginusto niyang maunawaan. At ang sabi ng Dios sa kanya ay huwag piliting unawain.

<sup>78</sup> Papaano ko mauunawaan ang alinman sa mga bagay na ito? Hindi ko mauunawaan ang mga ito. Sinasampalatayanan ko ang mga ito. Hindi ko kailangang intindihin ang mga ito. Ang Dios ay pananampalataya, at hindi pag-unawa. Sinasampalatayanan lamang natin kung ano ang Kanyang sinabi.

<sup>79</sup> Ngayon, ikumpara n'yo ang Eden ng Dios doon sa kay Satanas ngayon, pagkatapos ng anim na libong taon ng pagbabaluktot sa tunay na interpretasyon ng ipinangakong Salita ng Dios sa kapanahunan. Ikumpara natin iyon ngayon, at tingnan kung saan tayo makakarating. Katulad ng ginawa niya doon sa iglesya sa—sa panahon ni Cristo, kay Jesus, pinipilit na hadlangan—hadlangan ang tapat na mga anak ng Dios na malaman ang Katotohanan. Iyon ay sa Dios. Inilagay ng Dios ang Kanyang mga anak dito, ang Kanyang mga katangian, upang makasalamuha Niya sa pamamagitan ng pakikinig sa Kanyang Salita.

<sup>80</sup> Ano kaya kung sinabi sa iyo ng iyong ama, at ikaw ay isang tapat na anak na lalaki sa iyong ama, at sinabi niya sa iyo, “Anak, huwag kang pumunta sa ilog na iyon doon, para lumangoy, dahil may mga buwaya sa ilog na iyon”; at may isang taong lalapit, ang sabi, “Tiyak, ang ganun kagandang ilog na tulad niyon, walang mga buwaya doon”? Ngayon kanino ka makikinig? Kung ikaw ay isang totoong anak, makikinig ka sa iyong tatay.

<sup>81</sup> At ang isang tunay na anak na lalaki o anak na babae ng Dios ay unang pinaniniwalaan ang Salita ng Dios. Wala akong pakialam kung ano ang sinasabi ng iba tungkol dito, una nilang pinaniniwalaan ang Salita ng Dios. “May lason sa kopa,” at pinaniniwalaan nila iyon.

<sup>82</sup> Sa pagkakaroon ng pananampalataya sa Kanyang buong Salita, ang Kanyang Mga Binhi, ay nagbunga ng isang Eden ng kabanalan, pag-ibig, at Buhay na Walang Hanggan. Iyan ang ibinunga ng Eden ng Dios, kabanalan. At iyon ay nagdulot ng isang Eden ng kabanalan, ng pag-ibig, pagkaunawa,



kasakdalan, at Buhay na Walang Hanggan. Iyan ang itinatanim ng Dios, ang Kanyang Salita, ang Kanyang Binhi. Magiging ganyan ang Kanyang Iglesya sa huli; Ito'y magiging gayon ding bagay.

<sup>83</sup> Pansinin, heto ang isang kaisipan. Huwag n'yo itong kalimutan. Babalikan ko ito sa ibang pagkakataon o sa iba pang Mensahe. Pero, alam n'yo, ang sabi ng Dios, "Mamunga ang bawat binhi ayon sa kanyang sariling uri." Iyan ba'y utos ng Dios? Ngayon anong silbi ng sinumang mangangaral, o maski sino pa man, na piling gawin ang Salitang iyan na magsabi ng iba pa? Kita n'yo, ang bawat Salita ng Dios ay isang Binhi. Gayon nga ang sabi ni Jesus, "Isang Binhing inihasik ng isang manghahasik." Kaya kung ang Marcos 16 ay Salita ng Dios, magbubunga ito ayon sa uri nito. Kung ang Malakias 4 ay Salita ng Dios, magbubunga ito ayon sa uri nito. At ang lahat ng iba pang pangako ay dapat magbunga ayon sa uri nito.

<sup>84</sup> Nakikita n'yo ba, nakikita n'yo ba si Satanas sa labas dito na nakabalatkayo? Sinisikap niyang sabihin, "Iyon ay hindi, iyon ay hindi gano'n." Nauunawaan n'yo ba iyon? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Kita n'yo, sabi ni Satanas, "Naku, hindi Iyan para sa panahong ito. Iyan, iyan—iya'y. . . Iyan ay sa ibang panahon. Iyan, iyan ay ni hindi nga nangangahulugang ganyan."

<sup>85</sup> "Ang bawat binhi ay dapat magbunga ayon sa uri nito." Sa ganyang paraan itinatag ng Dios ang Kanyang Eden. Tama ba? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] At heto ito, sa ganyang paraan itinatag ng Dios ang Kanyang Iglesya, ang bawat Salita ayon sa uri Nito! "Hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao, kundi sa bawat Salitang lumalabas sa bibig ng Dios." Kita n'yo? Si Satanas, kukuha siya ng iba pa. Pero ang sabi ng Dios, "Ang bawat binhi ayon sa uri nito."

<sup>86</sup> Kung ang sinabi ng pangako ay, "Lalaki ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya."

<sup>87</sup> Ngayon ang sinasabi ng iglesya, "Umanib sa iglesya. Bigkasin ang kredo. Alamin ang katesismo." Walang mga gayong bagay sa buong Biblia.

<sup>88</sup> Kundi ang sabi ni Jesus, "Lalaki ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya: mangagpapalabas sila ng mga demonyo sa Aking Pangalan; mangagsasalita sila ng mga bagong wika; kung sila'y makahawak ng mga ahas, o makainom ng nakamamatay na mga bagay, iyon ay hindi makasasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa mga maysakit, ang mga ito'y magsisigaling." Sinong tao ang magkakaila Niyan? Kita n'yo?

<sup>89</sup> "Ang bawat binhi ay magbubunga ayon sa uri nito." Kung ikaw ay isang binhi ng Dios, isang katangian, isang anak na lalaki ng Dios, kung gayon ang Salita ng Dios ay naihasik sa

iyong. Kita n'yo? At kung gayon kapag narinig mo ang Salita ng Dios, "Dinirinig ng Aking mga tupa ang Aking Tinig; ang isang dayuhan ay hindi nila susundan." Nakuha n'yo ba 'yon? "Kung gayon ang bawat binhi ay magbubunga ayon sa uri nito."

<sup>90</sup> Ngayon napag-alaman natin, na ang bawat binhi ay nagbubunga ayon sa uri nito, walang kamatayan sa bagong... doon sa Eden na iyon. Hindi magkakaroon ng kamatayan sa bagong Eden. Kita n'yo, wala, wala nang iba pa kundi kabanalan, kadalisayan, at Buhay na Walang Hanggan.

<sup>91</sup> Ngayon, sa pamamagitan ng kawalang pananampalataya sa lahat ng Salita ng Dios, ay naipasok ang binhi ng kawalang kabanalan sa Eden ni Satanas. Tayo ngayon ay pumapasok na kung saan kinukuha na ni Satanas ang trono, bilang ang anti-Cristo, sa isang-isang Eden ng lupang ito, isang Eden ng kasalanan, binaluktot na relihiyon. Siya ay nagsimula hindi sa, "Ako si Satanas. Ako ang dakilang anghel." Hindi, hindi sa ganyan, kundi sa pagbabaluktot sa Salita ng Dios. At sa ganyang paraan niya itinatag ang kanyang kaharian, sa bawat kapanahunan. At ngayon sa matindi't mapanlinlang na kapanahunang ito, ay nakahanda nang kunin ang kanyang trono, sa pamamagitan ng kanyang mga tao! Ipinagtayo niya ang sarili niya ng isang intelektuwal, edukado't, siyentipikong Eden; tama, siyentipikong mga mangangaral, siyentipikong iglesya, siyentipikong teolohiya, ang lahat ng bagay ay siyentipiko. Ang lahat ng bagay ay nakabase sa kaalaman. Ang buong iglesya ay itinayo sa kaalaman. Hindi iyon itinayo sa pananampalataya.

<sup>92</sup> Isang beses nagpunta ako para magdaos ng isang pagtitipon sa iglesya ng isang lalaki. Iyon ay isang napakalaking awditoryum sa kanluran. Isang butihing lalaki, at tinatanggihan niya ang mga bagay na ito na pinag-uusapan natin. Pero ganun pa man, siya ay...gusto ko siya; butihing lalaki, matandang lalaki. Nang magsilabasan ang kanyang kongregasyon...Mga anim na libong katao ang kasya doon. Nang magsilabasan ang kanyang kongregasyon, nung panghapon na gawain, mga isang libo't limandaan, silang lahat ay pawang nakadamit-marangyang mga intelektuwal. Naupo ako doon at pinanood sila.

<sup>93</sup> Nangaral siya ng isang napakainam na sermon, ginawa nga ng naturang lalaki. At pagkatapos ay nagtanong siya kung may gustong tumanggap kay Cristo; na itaas lang ang mga kamay nila. At walang nagtaas ng kanilang mga kamay. At sa wakas isang babae ang nagtaas ng kanyang mga kamay. Ang sabi niya, "O sige, ngayon ay Cristiano ka na," at inihanda ang babae para sa pagbabautismo. At pagkatapos nang lumabas siya...Inihandog niya ang isang sanggol, hinalikan ang munting sanggol at nag-ukol ng isang panalangin para dito, at pinauwi na ang mga nagsidalong.

94 Nang lumabas ang kanyang kongregasyon; pawang mga mararangya, mukhang mga iskolar, edukadong mga tao. Pagkatapos ay nakatayo ako sa isang tabi, para kamayan ang naturang lalaki at batiin siya sa pamamaalam, habang lumalabas siya.

95 At nang magawa ko na, hetong dumarating papasok ang aking malaking dagsa ng mga tao. Hindi nila puwedeng papasukin ang mga ito habang naroon ang kanyang malaking dagsa ng mga tao. Hetong dumarating ang sa akin, mga nasa wheel chair, mga stretcher, mga strait jacket, mga baliw, at lahat na. Kita n'yo ang pagkakaiba? Iyan 'yun. Iyan ang bagay na pinatutungkulan ko, kita n'yo. Kita n'yo, ito'y bagay na kakaiba.

96 Kapag, sa pamamagitan ng siyentipikong kaalaman ay maaari kang gumawa ng isang *maunawaing* Ebanghelyo, na, ikaw, "siya na sumampalataya kay Jesus Cristo ay hindi hahatulan," kita n'yo.

97 Ngunit, "Lalaki ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya," kita n'yo, hindi niya nagagawang ilagay Iyan diyan, kita n'yo. Ang babae ay sumampalataya kay Jesus Cristo, siya ay naligtas, kung ang mga tandang ito ay lumalaki sa mananampalataya.

98 "At ang nakikinig sa Aking Salita," hindi lang basta naririnig, hindi Ito pinakikinggan ng kanyang mga tainga, kundi, "nauunawaan Ito." Maaari Itong pakinggan ng kahit sino; maaari Itong pakinggan ng isang babaeng nagbebenta ng aliw at manatili pa ring isang babaeng nagbebenta ng aliw; kita n'yo, maaari Itong pakinggan ng isang lasenggo; maaari Itong pakinggan ng isang sinungaling at manatili pa ring isang sinungaling. Kundi, "Ang nakakaunawa sa Aking Salita, at sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na walang hanggan." Hayan nga kayo, kita n'yo.

99 At walang taong makagagawa niyan malibang itinalaga siya ng Dios. Ang sabi ni Jesus, "Walang makalalapit sa Akin, malibang ilapit siya ng Aking Ama, at ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit sa Akin." Amen. Ang lahat ay sa ganap na kapangyarihan at paunang kaalaman ng Dios. Nabubuhay Siyang mag-isa at walang nagsasabi sa Kanya kung anong gagawin.

100 Ngayon, sa pamamagitan ng kawalan ng pananampalataya, sa hindi pagtanggap sa lahat ng Salita ng Dios, ay nakapagpasok ng isang binhi ng kawalang pananampalataya, di-banal, makasalanang, pagkamuhi, at ang Walang Hanggang kamatayan ay naririto sa makasalanang, at intelektuwal na kapanahunang ng iglesya. Ngayon nakuha n'yo na ba iyon? Sa panahong ito, diyan kung kailan ang buong sanlibutan ay relihiyoso! Alam n'yo ba iyan? Ang buong mundo ay relihiyoso. At sa relihiyosong kapanahunang ito, mga naglalalaking mga iglesya

sa bawat sulok; ang lahat, ang buong bagay ay humahantong sa pagkakasamba kay Satanas. Heto ito, nandito mismo sa Biblia. Tama 'yan. At dito sa intelektuwal, na maka-teolohiyang mga seminaryo na nakapagbunga ng isang intelektuwal na taong sinanay kung paano magsalita, kung ano ang gagawin, kung paano maggagawa-gawa ng kanilang mga emosyon; at ang lahat na katulad na ng sikolohiya, tatlo at apat na taon, para malaman kung paano pakikitunguhan ang pag-iisip ng isang tao. Kita n'yo, ito'y . . .

<sup>101</sup> Ang Espiritu ng Dios ay hindi isang bagay na, iyong, ito'y itinuturo sa iyo. Ito'y bagay na itinalaga sa iyo, ng kamay ng Dios na Makapangyarihan sa lahat. Ang mga karanasan mo ay hindi maaaring aralin o ituro sa iyo. Ito'y itinalaga, ng kamay ng Dios at paunang kaalaman ng Dios, sa iyo. Tama iyan.

<sup>102</sup> Ngayon, ibinunga nito ang dakilang Eden na ito na kanilang pinamumuhayan ngayon, isang Eden ng pandaigdig na iglesya. Silang lahat ay nagsasama-sama na ngayon doon sa dakilang Konsehong Ekumenikal, at papag-iisahin na ang pandaigdig na iglesya sa ilalim ng isang pangulo, kung saan luluklok si Satanas, sadyang eksakto.

<sup>103</sup> At ang huling tawag ay lumalabas na, upang agawin ang Nobya bago pa Siya mapasok diyan. Sapagkat sa sandaling naroon na, natanggap na niya ang marka ng hayop, at nahatulan na, ay hindi na siya makalalabas pa rito. Iyan ang dahilan, ang sabi, "Lumabas kayo sa kanila, bayan Ko," bago pa ito makapasok sa kanya, kita n'yo. "Lumabas kayo sa kanila, at humiwalay kayo."

<sup>104</sup> Ngayon, pagkamuhi at kamatayan, at Walang Hanggang pagkakahiwalay sa Dios, sa Eden na ito; pita ng laman, kalaswaan, kabaluktutan, (papaano?) sa pamamagitan ng paghahasik ng maling binhi.

<sup>105</sup> Naalala ko tuloy ang pangitaing nakita ko bago ko pa nakaharap ang mga taga-Pentecostal, tungkol sa Lalaking iyon na naglilibot sa daigdig, na nakaputi. Narinig n'yo na akong ikinuwento iyon nang maraming beses. At may isang dumating na kasunod Niya, na naghahasik ng mga binhi ng kaguluhan.

<sup>106</sup> Ngunit nakuha niya iyon nang walang kahirap-hirap, kay Eba . . . doon sa halamanan ng Eden, sa pamamagitan ng pagnanasa ni Eba sa kasalanan; ang pagnanasa para kay Eba, sa kasalanan. Kung gayon, kung si Eba ay nagnasa ng kaalaman, iyon ay kasalanan.

<sup>107</sup> At kapag nagnanasa tayo ng kaalaman, naghahangad ng isang Ph.D., LL.D., kasalanan ang gawin ang gano'n. Iyan ay matitinding mga pangungusap, pero iyan ang Katotohanan. Kahit na gaano pa katindi iyon, iyon pa rin ang Katotohanan, kita n'yo. Ang magnasa ng kaalaman, kaunawaan!

108 Ang problema dito ay, ay, sa kasalukuyan hindi natin sinisikap na itatag ang Salita ng Dios sa mga puso ng mga tao. Sinisikap nating itatag ang ating mga sarili. Sinisikap ng mga iglesya na itatag ang doktrina ng iglesya, sa puso ng isang tao.

109 Tayo ay naatasan na itatag ang Salita ng Dios. Ang sabi ni Pablo, “Hindi ako dumating sa inyo na may mapanghikayat na mga salita ng tao, upang ang inyong pananampalataya ay huwag masalig sa kaalaman ng tao; kundi dumarating ako sa inyo sa kapangyarihan; sa mga paghahayag ng Banal na Espiritu, upang ang inyong pananampalataya ay masalig sa Dios.” Hayan nga kayo.

110 Ang tao’y hindi dapat itatag ang iyong sarili. Nakikita natin ito sa gitna ng mga . . . Hayaang may gawin ang Dios para sa isang tao at isugo siya, makikita mo ang bawat tao na pinipilit gayahin iyon. Kita n’yo, sinisikap nilang itatag ang kanilang mga sarili. Bawat tao, “Ginawa ko ito. Ako, ako, akin, ang aking denominasyon, ako, ito,” itinatatag ang kanilang mga sarili. Ano ba ang ating ipinangangaral, ang sarili natin o ang Kaharian ng Dios?

111 Itatag ang Salita ng Dios. Alisin ang kawalang pananampalataya at itatag ang Kaharian ng Dios sa puso ng isang tao. At ang Kaharian ng Dios ay hindi maitatatag sa puso ng isang tao malibang ginawa ng Dios ang taong iyan na ganyan. Hindi siya maaaring itatag sa isang . . .

112 At, alalahanin, ang mapanlinlang na bahagi, na ang akala ng mga tao ay tama iyon. Kita n’yo? “Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao.” Ang bawat intelektuwal na indibiduwal ay tila ba tama.

113 Katulad ng sinabi ko sa inyo ilang Linggo na ang nakararaan; noong nakatayo ako sa tabi ng anak kong sanggol na nag-aagaw-buhay, at si Satanas ay nakatayo doon at ang sabi, “Nariyan ang tatay mo, namatay sa mga bisig mo nung nakaraang gabi. Nariyan ang asawa mo na nakahimlay sa ibaba doon sa isang—sa morge, at heto ang iyong anak na sanggol na naghihingalo na. At hiniling mo sa Kanya na sagutin ka, at hinila Niya ang iyong . . . hinila Niya pababa ang isang tabing sa itaas mo. Ngayon, at ganun pa man Siya’y isang mabuting Dios, at ganun pa man sinabi mong Siya ay isang Tagapagpagaling. At ikaw, na pinaninindigan kung anong sinabi mo na tama, ikaw ay mali.” Oh, bawat pangangatwiran, bawat kakayahan ng pag-iisip ay kinailangang sumang-ayon na iyon ay tama; at siya ay tama, ang gayon katindi.

114 Gayon din na tama siya nang sabihin niya kay Eba, “Mabubuksan ang inyong mga mata, at makikilala ninyo ang pagkakaiba ng tama sa mali. At kayo ay magiging kagaya ng mga dios, sa gayong paraan, na nakakakilala ng pagkakaiba ng tama sa mali,” dahil hindi pa noon tinulutan ng Dios na makita nila

ang kanilang mga sarili, na sila ay mga hubad. Kaya nalaman nilang makikilala nila ang pagkakaiba ng tama sa mali; at tama siya. Pero, nakita n'yo, iyon ay salungat sa Salita ng Dios.

<sup>115</sup> At gayon din nga ang mga ministro sa mga seminaryo, mga nag-aaral ng teolohiyang gawa ng tao; maaaring iyon ay tila ba tama, maaaring iyon ay isang mabuting pagkaunawa sa naturang bagay, pero iyon ay mali.

<sup>116</sup> Hindi natin kailangang unawain Ito. Sinasampalatayanan natin Ito dahil sinabi ng Dios na ganoon nga ito, at tinatapos na niyan ang usapan magpakailanman. Ang buong bagay, ganyan Ito dapat sampalatayanan.

<sup>117</sup> Oh, gaanong ninasa ni Eba na magkaroon ng isang Ph.D., kita n'yo, gaano siyang nagnasa na maging mas matalino kaysa sa kung ano siya!

<sup>118</sup> Pansinin kung gaanong magkatulad, ang lalaki at ang kanyang asawang babae. . . Ngayon pansinin, ang mag-asawang lalaki't babae, kapuwa hubad sa halamanan ng Eden, ang Eden ng Dios.

<sup>119</sup> Ngayon ako'y magtatapos na. Sinabi kong magtatagal ako ilang minuto na lang. Tingnan n'yo, masdan ngayon, habang papatapos na.

<sup>120</sup> Ikumpara n'yo ito ngayon, kung gaano magkatulad na ang naturang lalaki at ang asawa nitong babae, kapuwa sa Eden ng Dios, na wala man lang suot na kahit anong damit, at hindi alam iyon. Dahil bakit hindi nila alam iyon? Dahil nalalambungan sila sa kanilang mga pandama tungkol sa kahubaran, sa pamamagitan ng Banal na Lambong, ng Espiritu Santo. Natitingnan nila nang harapan ang isa't isa, at hindi nila alam na sila ay nakahubad. Sila'y nalalambungan ng Espiritu Santo, ng kabanalan. Sila'y nalalambungan.

<sup>121</sup> Ang lambong pa rin ng Dios, ngayon, ay makakatingin at hindi magnanasa. Ibinabaling nila ang kanilang ulo. Iyon ay isang Banal na Lambong, kita n'yo, Banal na Lambong. Ginawa ng Dios ang kanilang mga mata. . . sila kapuwa, ang isa ay lalaki at ang isa ay babae, at hindi nila alam na sila ay nakahubad, dahil ang kabanalan ng Dios ay pinanatiling nalalambungan ang kanilang mga mata. Pansinin, itinago ng Dios ang kanilang kamalayan mula sa kasalanan, sa pamamagitan ng Banal na Lambong.

<sup>122</sup> Sana ay may oras pa tayo para magpundasyon diyan, nang ilang minuto. Tingnan n'yo rito, "Sapagkat siya, ang sumasamba na nalinis nang minsan," Mga Hebreo, "ang sumasamba na nalinis nang minsan, ay wala nang kamalayan pa sa kasalanan." Ang kasalanan ay lumipas na sa kanya.

<sup>123</sup> Narinig kong sinabi ni Kapatid na Neville, kaninang umaga; may nagtanong siguro sa kanya kung bakit hindi ako nangaral

tungkol sa Banal na Espiritu, bakit hindi ko ginawa *ito*. Heto 'yon. Ang Banal na Espiritu ay ang kilos na nasa iyo. Ito ay isang Buhay, hindi isang emosyon; hindi kung anong makalupang ebidensiya. Kundi isa Itong Persona, si Jesus Cristo, ang Salita ng Dios na natatag sa iyong puso, para buhayin ang bawat Salita sa kapanahunang ito. Tama. Abangan ang Banal na Espiritu na kumikilos, hindi gaano sa mga pagpapamalas; kundi, sa kilos, kung ano ang ginagawa Nito ayon sa Salita.

<sup>124</sup> Pansinin ngayon ang Espiritu Santo, ng Banal na Salita ng Dios, ginawa ang isang lalaki at babae na hubad, at hindi nila alam iyon. Gaano kaganda, ang Buhay ng Salita; ang Binhi, ang Salita!

<sup>125</sup> Ang sabi ng Dios, “May isang punongkahoy sa gitna ng halamanan, ang babae. At sa gitna ng halamanang iyon ay ang punongkahoy na ito; ni huwag ninyong hipuin ito. Sapagkat, sa araw na kayo ay kumain niyon, sa araw ding iyon ay mamamatay kayo.” Sila ay banal na nalalambungan mula rito, walang alam tungkol dito, hindi nangangahas na hipuin ito.

<sup>126</sup> Sila ay banal na nalalambungan. Ligtas sila sa kulandong ng Dios. Sila ay buhay. Wala silang kamatayan sa kanilang kapaligiran. Hallelujah! May sakdal silang pag-ibig para sa isa't isa, sakdal na Buhay magpakailanman. Mayroon silang sakdal na pag-ibig, sakdal na kaunawaan sa pag-ibig ng Dios. Taglay nila ang Salita ng Dios, at sinunod Ito. At buhay sila at ligtas sa Eden ng Dios, na walang kamatayan, man lang, sa kapaligiran.

<sup>127</sup> Pagkatapos, nagawa ni Satanang na makinig sa kanya si Eba sa kanyang ebanghelyo ng teolohiya, ang ebanghelyo ng kaalaman, higit na mataas na pinag-aralan, higit na mataas na etika, mas mahusay na sibilisasyon, mas mataas na edukasyon, at iba pa; pagkatapos nang magawa niya ang . . . na mapahinto ang babae at makinig sa kanya sandali, sa kanyang mga pangangatwiran (na ipinag-uutos sa atin na alisin), nang mapakinig niya rito ang babae.

<sup>128</sup> “Ngayon, tingnan mo, ang iglesya ay *ganito-at-ganyan*. Matagal na itong itinatag. Isa kami sa mga pinakamatandang iglesya sa bansa. Dumadalo pa nga ang meyor ng siyudad.” Wala akong pakialam kung ano iyon, kita n'yo. Kung ito ay laban sa Salita ng Dios, maging laban ka dito. Iyan ay kaaway mo. Anumang bagay na laban sa Salita ay kaaway mo.

<sup>129</sup> Ang lahat ng pumapanig sa Salita ay iyong kapatid. Siya ay bahagi mo.

<sup>130</sup> Pansinin, tinanggal ng babae ang Banal na Lambong, para makita kung ano ba talaga ang pagtatalik; ikumpara iyon, kung ano ba talaga ang magagawa ng pagnanasa. Tinanggal niya ang Lambong sa kanyang mga mata, ang banal na bagay na inilagay ng Dios sa kanyang mga mata. Naghangad siya ng kaalaman, para malaman kung tungkol saan ba ang lahat ng iyon; kaya

tinanggal niya ang Lambong para makita kung tungkol saan ba ang lahat ng iyon. Nakinig siya sa diablo, at pansinin kung anong klaseng kalagayan ang pinagdalan niyon sa kanya.

<sup>131</sup> Ginawa din nila ang siya ring bagay sa bawat kapanahunan pagkatapos niyon, palaging kinukuha ang intelektuwal na panig; at ngayon ay nakapagtayo na ng isang kaharian ni Satanas, kaalaman, ang kanyang binhi na inihatik niya, at kinuha ang daigdig upang maging isang Eden ng kamatayan.

<sup>132</sup> Ngayon pansinin. Ngayon tingnan sa Apocalipsis 3, ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea. Wariin n'yo iyon sa inyong isipan.

<sup>133</sup> Ngayon pansinin. Siya, si Eba, ay reyna ni Satanas. Kita n'yo, si Satanas, ang serpiyente, ay una nang nakaangkin kay Eba bago pa ito naangkin ni Adan. Kita n'yo? Tama 'yan. Kaya dinaya niya ang babae, kita n'yo; kaya si Satanas, ang serpiyente, ay naging asawa na ni Eba bago pa naging kay Adan. Kita n'yo, nilinlang niya ang babae. Sinabi ng Biblia na ginawa nga niya, at nalaman ng babae na siya ay hubad, noon. Kita n'yo?

<sup>134</sup> Ngayon tingnan n'yo ang—ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea. Siya, si Eba, ay nakaupo bilang reyna ni Satanas. “Siya ay mayaman sa lahat ng bagay; bulag, hubad na muli, at hindi alam iyon,” sadyang katulad ng dati sa Eden ng Dios. Ngunit ngayon, hindi dahil sa ang Banal na Lambong ay nasa kanyang mukha, kundi ang lambong ng pagnanasa. Na, tinanggal niya ang Banal na Lambong ng Dios, at naglagay ng isang lambong ng kaalaman, dahil sa pagnanasa. At ngayon ay mayroon na siyang lambong ng pagnanasa, na anopa't siya'y “bulag” na sa pagiging kasalanan niyon. Siya ay “nakahubad” sa kalye, “at hindi alam iyon.” Isa siyang patutot sa kalye. Ang mga babaeng nakasuot nitong mga shorts na 'to, sa paningin ng Dios, ay isang patutot, “at hindi alam iyon.”

<sup>135</sup> Pansinin, ihalimbawa ang ating mga kababaihan. Ngayon, kung gusto n'yong makita kung nasa anong kalagayan ang iglesya, masdan n'yo kung paano kumikilos ang mga kababaihan. Palagi niyang inilalarawan ang iglesya. Sa Eden ni Satanas, ng kasalanan at kawalang pananampalataya, isang relihiyosong pagbabaluktot; binaluktot na kaharian. Sa halip na kunin ang Salita ng Dios, kinuha nila ang intelektuwal na aral ng tao. At sa halip na kunin ang Iglesya, kinuha nila ang organisasyon, at pinag-iisa na nila ito sa ilalim ng isang dakilang pamunuan.

<sup>136</sup> Ngayon pansinin, binaluktot mula sa kawalang-muwang. Huwag n'yong palampasin ito ngayon. Ang iglesya ay matagal nang natatabingan nitong lambong ng pagnanasa. Pansinin kung anong ginawa nito sa kanya. Ito'y—siya'y binaluktot nito mula sa kawalang-muwang tungo sa kaalaman. Kita n'yo? Ang Banal na Lambong, siya ay walang-muwang; sa lambong ng



pagnanasa, siya ay kaalaman. Alam niyang ito ay kaaya-aya. Alam niya kung ano ang nagagawa nito, kita n'yo. Isa itong bunga, isang kahoy na mananasa, na nagpapapantas sa tao. Kita n'yo? Siya ay binaluktot mula sa pagiging walang-muwang tungo sa kaalaman, mula sa kabanalan tungo sa karumihan at pagnanasa, at mula sa Buhay tungo sa kamatayan.

<sup>137</sup> Ang kahariang ito ay nararapat mamatay. Ang kahariang ito ay mamamatay! Wawasakin ito ng Dios ng Kalangitan mula sa ibabaw ng lupa.

<sup>138</sup> Pansinin, sa pagbabaluktot na ito, mula sa isang lalaki ay naging isang babae na ito, at mula sa isang babae ay naging isang lalaki, “at hindi alam iyon.” Isang napakainam na produkto ng Eden ni Satanas, kung pagmamasdan n'yo ang mga kalye ngayon, ang ating mga modernong tao.

<sup>139</sup> Pansinin, si Eba ang ginamit ni Satanas para mapagkasala si Adan sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan ng pagnanasa. Ngayon ang ganoon din, ginagawa ang gayon ding bagay ngayon. Pansinin, putol ang buhok, pintadong mga mukha, nakabihis nang malaswa, kita n'yo, ginagawa niya iyan, at hindi alam na ang bawat isa sa mga bagay na iyon ay salungat sa Salita ng Dios. Ang putulan ang kanyang buhok, ay ginagawa siyang isang babaeng walang dangal, isang patutot. Ang magsuot ng shorts, ay ginagawa siyang walang kapurihan. Bihisan siya ng mga seksing damit, siya'y ginagawa nitong isang patutot. “At hindi niya alam iyon,” hindi dahil sa kabanalan ng Dios; dahil sa pagnanasa ni Satanas. Siya'y nagawa niyang. . . Naibubuyo niya ang kanyang Adan na pagnasaan siya nito.

<sup>140</sup> Hinubad niya ang mga kasuotang idinamit sa kanya ng Dios, doon sa Eden, para sa kanyang paglalakbay sa—sa ilang na ito. Hinubad niya ang mga iyon. Hinubaran niya ang kanyang sarili. Gayong, ang Dios ay binalot siyang buo sa mga balat; nagsimula na siyang magbawas ng kaunti sa bawat pagkakataon, ngayon siya ay bumalik na sa kung ano siya noong pasimula.

<sup>141</sup> Ngayon napagsusuot na niya ang kanyang Adan ng kanyang mga damit-panloob. Isang lalaking magsusuot nung mga kung anong klaseng mukhang binabae na shorts, at lalabas dito, hindi ako naniniwalang may sapat na pagkalalaki sa kanya. Siya ang pinakamalaking binabae na alam ko. Kita n'yo? Kita n'yo, nagawa niyang pakilusin na kagaya niya ang kanyang binaluktot na Adan, kita n'yo, isinusuot ang kanyang mga damit-panloob. Nakita niya kung ano ang magagawa niya doon sa malayo nang hubarin niya ang lahat ng kanyang mga kasuotan maliban ang kanyang mga damit-panloob. Iyan ang shorts. Mangyari pa, iyan ang damit-panloob ng babae, at heto ang kanyang Adan ay isinusuot na ang mga iyon ngayon. Na, ayon sa orihinal na Salita ng Dios, “Karumal-dumal para sa isang babae ang magdamit

ng para sa lalaki, at ang isang lalaki na magdamit ng para sa babae,” mula sa orihinal na Salita. Isipin n’yo iyon!

<sup>142</sup> Ngayon, ang lalaki ay may bangs na ng babae, rin. Sinusuklay niya ang mga iyon, nilalagyan ng pangkulot ang mga iyon. Ang ilan sa pinaka-nakakasukang tanawin na nakita ko sa tanang buhay ko, ay ang ilan sa mga kabataang iyon ngayon dito na ang kanilang bangs ay nakasuklay pababa nang *paganito*, at kinulayan, pinaputing buhok, na may kung anong klase ng peroxide na kung ano, at pinapaputi ang kanilang buhok, at niroloyo iyon sa pangkulot, gumagawa ng bangs. Ang laki mong binabae! Iyan ay kasuklam-suklam para sabihin mula sa isang pulpito, pero ang paghatol na nagsisimula sa tahanan ng Dios. Hindi mo man lang nga alam kung ikaw ba’y lalaki o babae. At ang intindi ko ang Sandatahang Lakas ng Amerika ay sunod na lalabas na naka-shorts. Tama ’yan. Kita n’yo kung anong pagbabaluktot iyon? Iyon ay kasuotan ng babae; may bangs ng babae.

<sup>143</sup> Nung isang araw nandoon ako sa, kina Howard Johnson; hindi itong isang ito dito, kundi ’yung isang nasa kalye paglabas. At pasandig na naupo lang akong namamangha. Hetong dumarating ang isang maliit na batang lalaki, nakabuka ang kanyang bibig. At may itim na buhok siya banda *rito*, at nakasuklay iyon pakabila sa may *ganito*; at nilagyan iyon ng pangkulot, at iniroloyo iyon pataas paikot, sa taas ng mga mata niya; nakatunghay sa ibabaw ng mga mata niya, naglilibot. Kung hindi ba naman ako nakakita ng pagbabaluktot! Kita n’yo, hindi niya ’yon paniniwalaan. Mapapatunayan niyang marahil ay isa siyang lalaki, pero sa kanyang espiritu ay babae siya. Hindi niya alam kung saang panig ng bahay siya nabibilang. Tama ’yan. Gaano kabaluktot!

<sup>144</sup> Ganyan ang ginagawa ni Satanas. Binabaliko niya ang mga bansa. Binabaliko niya ang iglesya. Binabaliko niya ang mga tao. Isa siyang mandaraya, isang tagapagbaluktot ng orihinal na Katotohanan.

<sup>145</sup> Ginawang lalaki ng Dios ang isang lalaki. Ginawa Niyang babae ang isang babae. At binihisan Niya sila nang magkaiba, at nilayon Niya silang manatili nang ganoon at kumilos nang ganoon; ang isa ay may pagkababae, at ang isa ay may pagkalalaki. Inihwalay Niya si Adan sa halamanan ng Eden, at ginawa ito, inihiwalay sa kanya si Eba.

<sup>146</sup> Ngayon may bangs na siya ng babae; ginugupitan naman ng babae ang kanyang buhok kagaya ng sa lalaki, at ang lalaki naman nagpupumilit makigaya sa buhok ng babae. Kita n’yo? Isinusuot niya ang damit-panlabas ng lalaki, at isinusuot naman nito ang kanyang damit-panloob. Ngayon, iyan ay para bang paglapastangan sa mga sagradong bagay, pero hindi ganoon ang ibig kong sabihin. Ito’y ang ganap na Katotohanan ng

Ebanghelyo. Kung hindi mo alam iyon, kung ganun ay may problema sa iyo; ikaw ay bulag o kaya ay di pa nakakalabas sa mga kalye. At ang akala ng babae at ang akala ng lalaki ay ayos lang iyon, may pagkakasundo sila sa kung saan.

Sasabihin ng mga babae, “Naku, napakainit!”

<sup>147</sup> Ang mga matatandang Apache Indian doon sa malayo ay gagawin kang kahiya-hiya sa iyong sarili. Mas lalo silang naiinitan, mas maraming damit ang kanilang isinusuot, para makaiwas sa araw; oh, pinapapawis iyon, nang sa gayon mayroon kang air-conditioner habang naglalakad sila. Kita n’yo? Nakatayo sila mismo sa kainitan ng araw.

<sup>148</sup> Wala kang matatagalan; magkakaroon ka ng paltos at mapapaso. Pero, kita n’yo, iyon ay ang tinatawag mong mas mataas na edukasyon. Ibinunga ito ng makabagong siyensiya. Oh, naku! Hayan siya, “hubad,” sa Laodicea, “at hindi alam iyon.”

<sup>149</sup> Ang babae ay nakahubad noon sa Eden. Nakita n’yo ang dalawang kaharian sa gayon ding paraan? Ang isa ay mula sa kasalanan at kamatayan; ang isa naman ay Buhay at katuwiran. Doon sa loob ay nalalambungan siya ng Banal na Lambong. Kapuwa sila hubad; hindi nila alam iyon. Wala silang kaalam-alam tungkol doon, dahil sila’y nalalambungan ng Espiritu ng Dios.

<sup>150</sup> At dito ay nalalambungan sila ng pagnanasa, at nakatingin sila sa isa’t isa upang...Kita n’yo, si Adan ay maaaring tumingin kay Eba, at hindi alam na ito’y nakahubad. Ngunit ngayon taglay itong lambong ng pagnanasa, hindi niya napagtatanto na siya ay nakahubad, ngunit ginagawa niya iyon sa ilalim nitong lambong ng pagnanasa para mapatingin sa kanya ang lalaki. Para sa bagay na iyon lang niya magagawa iyon. Hindi ka naniniwala diyan, pero ganun pa man ginagawa mo pa rin iyon, at tumitingin naman ang lalaki. At napagtanto niya na ikaw ay labis na kaakit-akit, hanggang sa lumitaw siya sa paligid at isinuot na sa sarili niya ang ilan sa iyong mga kasuotan.

<sup>151</sup> Oh, grabeng pagbabaluktot! Grabeng kapanahunan! Grabeng panahon na ating...Gaano ito kamapanlinlang! Oh, ang lahat ng mga bagay na ito, “at hindi alam iyon,” isang ganap na binaluktot na espiritu na ang nasa lalaki. Siya ay nalalambungan ng pagnanasa ni Satanas, at ang babae, rin. Ito’y isang maka-satanas na espiritu ng isang malaking kapisanan. Kita n’yo, hindi nila alam, pero sila’y isang organisasyon. Ang mga kababaihang nagsusuot ng shorts, ay kabilang sa isang organisasyon. Ang lalaking nagdadamit nang ganyan, ay nasa isang organisasyon. Ibibigay ko sa inyo ang daglat niyon, B.S.S., Big Sister Society, kaya iyan ang kinabibilangan nila. Lumabas naman doon, isang big sissy society, na may suot na kung anong

klase ng mga pantalon, malalaking kung anong mukhang buhul-buhol, na bagay na mukhang marumi. Ako—ako . . .

<sup>152</sup> Ang lalaki, ngayon maaaring hindi ka sasang-ayon sa akin dito, pero iyan ang Katotohanan. Ikaw ay binaliko na at hindi alam iyon. Hindi ka, hindi na kumikilos pa na tulad ng isang lalaki. Kita n'yo, lumilitaw na napakalamya; at, ang kanilang anak na lalaki, ay magiging bale-wala na sa kanila; mga kalalakihan, at mga kababaihan, din. Sila ay isang samahan. Mayroong isang organisasyon. Bakit? “Si John, sa kabilang pintuan, ay nagsusuot ng shorts, kaya bakit hindi ko rin gawin? Gusto ni Luella na magsuot ako ng mga ganun dahil nagsusuot niyon si John, sa kabilang pintuan. At, buweno, kung—kung kaya ni Susie Jane na magsuot ng mga ganun, kaya rin ni Martha Jane na magsuot niyon, o ni Susie Lou,” o kung ano man ang pangalan niya, kita n'yo. Kita n'yo, isa itong kapisanan. Isa itong organisasyon. Espirituwal kang nabibilang dito, at hindi alam iyon.

<sup>153</sup> At kung ganyan nga iyon, at nakikita nating ganun nga iyon, kung gano'n ay naging bulag ka na nga. Naging bulag ka na sa mga denominasyong ito na pinagpilitan sa iyo ni Satanas. At iyon ay pagbabaluktot sa orihinal na Salita ng Dios, at sa Kanyang Kaharian, at sa Kanyang plano para sa Kanyang mga anak. Pinilipit na ni Satanas sa mga bagay na ito ang mga kalalakihan at kababaihan, at hindi nila alam iyon. Isang binaliko!

<sup>154</sup> Hindi na isang anak na lalaki ng Dios! May bangs na nakalugay sa may mukha niya, at may suot na isang pares ng shorts, pagala-gala sa kalye; isang anak na lalaki ng Dios, diyakono sa isang iglesya, isang pastor sa pulpito? Hindi, hindi iyan isang anak na lalaki ng Dios. Hindi siya kailanman dumaan sa Panala ng kaisipan ng Dios. Hindi niya isusuot ang mga damit na iyon na pambabae; tiyak na hindi; ni hindi rin magsusuot ang babae ng damit-panlalaki. Kita n'yo, hindi iyon isang anak na lalaki ng Dios. Iyon ay isang anak na lalaki ni Satanas, at isang anak na babae ni Satanas. Bagay na mahirap sabihin!

<sup>155</sup> Nagtagumpay na si Satanas sa pagbabaluktot at pagkontrol sa sanlibutang ito, at ginawa niya itong kanyang kaharian; na ang tao ay inilagay, sa pamamagitan ng malayang kalagayan ng pagpapasya, upang pumili para sa kanilang mga sarili kung anong uri ng buhay ang hangad nila. At ipinapakita niyan kung ano ang nasa puso mo. Kita n'yo? Ang iyong tinig. . . Alam mo kung ano? Sa sobrang lakas magsalita ng iyong mga kilos, ay nilulunod na niyon ang iyong tinig. Uh-huh!

<sup>156</sup> Hayaan mo akong lapitan ang isang lalaki. At sabihin, “Oh, ako. . . Tayong lahat ay mga Cristiano. Kaanib tayo sa iglesya.” At mga larawan ng mga babaeng nakahubad na nasa buong

opisina niya? Huh! Hindi mahalaga kung ano man ang sinabi niya sa akin, mas malalaman ko pa; at ganun din kayo.

<sup>157</sup> Hayaang sabihin ng isang babae na siya'y isang Cristiano, na may maikling buhok? Huh-uh! Mas alam mo na dapat 'yan, kita n'yo. Siyanga, po. Hayaang sabihin niyang siya'y isang Cristiano, na naglalagay ng kolorete at make-up, at nagsusuot ng shorts, at sasabihing siya'y isang Cristiano? Mas alam mo na dapat 'yan. Ang Salita ng Dios ay nagtuturo sa iyo ng mas dapat pa kaysa diyan. Ang sabi ng Salita hindi niya maaaring gawin iyon at maging isang Cristiano. Siya pa nga ay kaahiya-hiya, at lahat na. Papaanong maglalagay ang Dios ng isang kaahiya-hiyang bagay sa Kanyang kaharian? Hindi, po, hindi talaga. Hindi, po. Sila mismo, ipinapakita nila ang kanilang ninanasa.

<sup>158</sup> Hindi mo mapapasabay kumain ang isang kalapati sa isang uwak, hindi talaga. Walang anumang apdo ang kalapati. Hindi niya kayang kumain ng lumang karneng-bulok na iyan. Kapag tumuka siya ng kapisaso niyon, papatayin siya niyon, at alam niya iyon. Pero ang isang uwak ay kayang kumain ng kahit anong naisin nito. Kita n'yo? Marami siyang apdo.

<sup>159</sup> Kaya kung gano'n napag-aalaman mo, ganyan nga iyon sa sanlibutan ngayon, ang siya ring bagay, "Sila ay hubad, bulag, at hindi alam iyon."

<sup>160</sup> Ginawa ni Satanas iyon sa pamamagitan ng pagnanasa ng babae sa kaalaman, sa pakikipagtalik, na pinili nito nang kusa. Ngayon pansinin, si Eba ang siyang nag-akay kay Adan sa mali, at ang naturang babae ang siyang naghubad ng kanyang mga damit bago hinubad ni Adan ang sa kanya. Kita n'yo? Ang babae iyon, palagi. Dati nang laging ganoon. Ganoon pa rin ito.

<sup>161</sup> Ang iglesya ang nagliligaw sa tao. Ang iglesya, kita n'yo, ang nag-aakay sa tao na nagnanais na maging anak na lalaki ng Dios. Iyon ay ang babae, ang iglesya. Hindi ang Biblia, ang Dios, sapagkat ang Biblia ay lalaki. Oh, siyanga, "ang Salita ay nagkatawang-tao," at Siya ay isang Lalaki. Kita n'yo? Ang Biblia ay lalaki; ang iglesya ay babae. Kita n'yo? Hindi ang iglesya... ang Biblia ang nagliligaw sa tao. Ang iglesya ang siyang nagliligaw sa kanya. Ang iglesya ang nakasama niyang walang kasuotan, hindi ang Biblia. Kita n'yo? Hindi, talaga. Ang sinasabi ng Biblia sa kanya ay nakahubad siya. Siyanga, po.

<sup>162</sup> Ngayon pansinin kung paanong, sa pamamagitan ng pakikipagtalik, pagnanasa sa pakikipagtalik, ay ninasa ng babae ang kaalaman, upang malaman kung ano *ito*, at kung paano, kung ang bunga bang ito ay mabuti o hindi. At ginawa niya iyon.

<sup>163</sup> Babawiin iyon ng Dios balang araw, ganun pa man, sa pamamagitan ng isang Lalaki. Isinuko iyon ng isang babae. Ngunit tinubos iyon ng isang Lalaki; ang Lalaki, si Jesus Cristo, na siyang Salita.

<sup>164</sup> At pagkatapos ano iyon? Pansinin, sa pagtatapos. Dito hindi pa katagalan, sinalita ko ang pangungusap na ito. Meron pa akong apat o lima pang mga pahina rito, pero ako...ng Mga Kasulatan at mga bagay na nais kong pagtukuyan. Pero, makinig. Magtapos tayo, sa pagsasabi nito.

<sup>165</sup> Alalahanin, dito hindi pa katagalan, itinuturo ko noon sa inyo ang tungkol sa Pitong Trumpeta, ang pista ng mga trumpeta, at iba pa. At sinabi ko, “Mayroong walong-araw na kapistahan.” Kaya, ang ikapitong araw ay magiging ang huli, iyan ay magiging ang Milenyum. Ngunit mayroong walong-araw na kapistahan; na, kung ito ay ang ikawalo, at mayroong pitong araw lamang, ay gagawin nitong unang araw itong muli, muling babalik sa unang araw. Pagkatapos, kapag natapos na ang Milenyum, kung gano’n ay muling magkakaroon ng isang itinatag na Eden. Ang dakilang Kaharian ng Dios ay ibabalik. Sapagkat, nakipagtunggali si Jesus kay Satanas para dito, sa halamanan ng Getsemani, at muling nabawi ang Eden; na, Kanyang ihahanda sa Langit kaya Siya umalis, para bumalik muli, sa itaas sa Langit. Kanyang sinabi, “Huwag magulumihanang ang inyong mga puso.”

<sup>166</sup> Nang Siya’y naririto sa lupa, sinabi Niya, “Kayo, kayong mga Hudyo, inyong sinampalatayanan ang Dios. Ngayon, alam Kong mayroon Akong hindi kanais-nais na pangalan,” sabi Niya. “At ang sabi nila Ako *ito*, *iyang*, ‘yung *iba pa*. Ngunit, sumampalataya kayo sa Dios; at gaya ng sumampalataya kayo sa Dios, sumampalataya rin naman kayo sa Akin.” Siya ay Dios, na nahayag. Kita n’yo? “Sumampalataya rin naman kayo sa . . .”

<sup>167</sup> “Sa bahay ng Aking Ama ay maraming . . .” O kaya, “Sa balakin ng Aking Ama, sa mga plano ng Aking Ama ay maraming mga palasyo. Paroroon Ako upang maghanda ng dakong kalalagyan.” Tingnan n’yo kung gaano kahaba iyon, isang libo’t limandaang milya kuwadrado! Sasabihin, nasaan kaya iyon? Humayo na Siya upang ihanda iyon. Siya ay Tagapaglikha. Nililikha Niya ang lahat ng gintong iyon. Ang mga kalsada ay nanganganinag. Siya ay Tagapaglikha. Siya ay bumubuo ng isang dakong kalalagyan. Doon sa Apocalipsis 21, sinabi niya, “At akong si Juan ay nakita ang Lunsod na banal, ang Bagong Jerusalem, na nananaog mula sa Langit buhat sa Dios.”

<sup>168</sup> “Ang dagat ay wala na; ang unang langit at ang unang lupa ay naparam na.” Ano ang una nating mga kalangitan? Ay ang Milenyum. Ano ang unang lupa? Ay ito. Ito ay babaguhing muli. Sadyang katulad ng binautismuhan ito ni Noe, noong panahon ng kanyang pangangaral; binanal ni Cristo, nang iwisik Niya ang Kanyang Dugo sa ibabaw nito; at muling babaguhin, aalisin ang lahat ng mga mikrobyo at lahat na mula rito, sa gagawing muling pagbabago sa huli, na may bautismo sa Apoy na papatay

sa bawat mikrobyo, bawat sakit, bawat karamdaman, bawat karumihan na kailanman ay lumitaw sa ibabaw ng lupa.

169 Ito'y biglang lilitaw, at darating na isang Bagong Lupa. "At nakita ko ang isang Bagong Langit at isang Bagong Lupa. Ang unang langit, itong unang lupa, ay naparam na; at ang dagat ay wala na. At akong si Juan ay nakita ang Lunsod na banal, ang Bagong Jerusalem, na nananaog buhat sa Langit mula sa Dios." Doon ang Dios ay makakasama ang Kanyang mga tunay na katangian, mga anak na lalaki at mga anak na babae, kung saan Niya sila maaaring makasama sa kabanalan, na ang mga mata ng mga ito ay bulag sa anumang kasalanan. Hinding-hindi na magkakaroon pa ng kasalanan doon magmula sa araw na iyon.

170 Tayo'y labis na magsikap; huwag kayong palinlang sa panahong ito, kundi, "pagsikapan ninyong makapasok sa pintuan."

171 "Sapagkat ang lahat ng mga maiiwan ay mga mapakiapid, mga mapagnasa." "Ang sinumang tumingin sa isang babae nang may mahalay na pagnanasa ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama ang babae." Ang lahat na may . . . nasa labas ay mga babaeng kilalang marumi ang pamumuhay, mga lalaking kilalang marumi ang pamumuhay, at iba pa.

172 At tanging ang mga tinubos lamang, at mga nasa Aklat ng Buhay ng Kordero, ang papasok sa naturang pintuan. Kaya magsikap, mga kaibigan; huwag kayong palinlang sa huling panahong ito.

173 Ito ay isang dakilang panahon. Bawat isa ay may salapi. Bawat isa ay kayang gawin *ito*, at bawat isa ay kayang gawin *iyang*, at ang salapi ay kabi-kabilaang dumarating, at malalaking mga kotse, at lahat na. Hindi magkakaroon ni isa sa mga iyan sa Lunsod na iyon. Hindi magkakaroon ni isang kotse, isang eroplano. Hindi. Ang lahat-lahat ay magiging isang kakaibang sibilisasyon. Iyon ay muling magiging isang sibilisasyong hindi mula sa kaalaman, hindi mula sa siyensiya, kundi mula sa kawalang-muwang, at pananampalataya sa buhay na Dios.

174 Magsikap tayong pumasok Diyan. Sapagkat iyan ang aking buong layunin, ay ang pumasok sa Lunsod na iyan balang araw; at lumingon lamang, dumarating na kasama ko, makita ang bawat isa sa inyo na nagmamartsa, kapag tayo'y umawit ng, "ang mga banal ay nagmamartsa na papasok." Nais kong makasama sa bilang na iyan kapag ang mga banal ay nagmamartsa na papasok.

Tayo'y manalangin.

175 Mahal na Makalangit na Ama, habang papatapos na po ang mga araw, at nakikita namin iyon na papalapit na, ang pangako ay papalapit na. Dalangin po namin, Mahal na Dios, na Iyong ilalagay iyan sa aming mga puso, nang sa gayon ay hindi po kami makagawa ng anumang pagkakamali. Mahal na Dios, Iyo

pong panatilihing dalisay ang aming konsiyensiya. Iyo pong panatilihing nalalambungan ang aming mga puso, Panginoon, nalalambungan ang aming mga mata mula sa mga bagay ng sanlibutan, at mga walang kabuluhang bagay ng sanlibutan, kapalaluan para maging isang kung sinong tanyag na tao.

<sup>176</sup> Kahit na gaano pa sila katanyag, ang lahat ng mga hari, mga monarka, mga makapangyarihan, at ang lahat ng iba pa ay kailangang malipol, at sila ay hindi babangon sa ikala- . . . sa unang pagkabuhay na mag-uli. Sapagkat nasusulat, “Mapalad at banal ang may bahagi sa unang pagkabuhay na mag-uli, na sa mga ito’y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan.” Oh Dios! “Ang ikalawang kamatayan,” ang espirituwal na kamatayan, “ay walang kapangyarihan”; siya ay natubos na!

<sup>177</sup> Oh Dios, ang isipin na isa sa mga oras na ito, may isang dadalawin ang isa pa, at maaagaw paakyat. “Dalawa ang nasa isang higaan; kukunin ang isa, at iiwan ang isa. Dalawa ang nasa bukid; kukunin Ko ang isa, at iiwan ang isa.”

<sup>178</sup> Oh Dios, tulungan Mo po kaming maging dalisay sa—sa Iyong paningin, Panginoon, maging ano pa man ang iniisip ng mga tao tungkol sa amin, ang sinasabi ng ibang tao. Panginoon, nawa ang aming banal. . . ang aming mga paraan ng pamumuhay ay maging banal. Nawa’y masangkapan ito ng Salita ng Dios; labis na nasangkapan, Panginoon, hanggang sa wala nang ano pa mang dayang matatagpuan sa amin. Habang kami po’y sumasamo, sa aming mga pagkakamali, na ang Dugo ni Jesus Cristo ay tatayo sa pagitan namin at ng Dios, na titingnan Niya kami sa ibaba sa pamamagitan ng Dugo ni Jesus; hindi po sa aming sariling pagiging matuwid, o kung sino man kami, kung ano ang aming nagawa, kundi sa Kanyang mga nagawa lamang. Dios, ipagkaloob Mo po iyon!

<sup>179</sup> Nawa’y wala ni isang nakaupo rito sa gabing ito at narinig ang Mensahe, nawa’y wala ni isa sa kanila ang mapahamak, mula sa pinakamunting bata hanggang sa pinakamatandang tao. Nawa ang kanilang banal na pagnanasa ay maging sa Dios lamang at sa Kanyang Salita. Hindi po namin alam kung anong oras Siya maaaring lumitaw, o kung anong oras Niya kami maaaring tawagin para managot sa ibayo doon sa Paghatol. Hindi po namin alam kung anong oras Niya maaaring, yamang panahon na nga, kunin na ang aming kard mula sa lalagyan, sasabihin, “Panahon na ng pag-uwi. Kailangan mo nang lumisan.” Dios, tulungan Mo po kaming manatiling dalisay. Ipagkaloob Mo po iyon, Panginoon.

<sup>180</sup> Nawa’y mabuhay kami hanggang sa Pagdating ng Panginoon, kung maaari po sana. Nawa’y aming gawin ang lahat ng nasa kapangyarihan namin, nang may pag-ibig at pag-unawa, nauunawaang ang Dios ay naghahanap sa daigdig, ngayon, hinahanap ang bawat naligaw na tupa. At nawa’y



kausapin namin sila na may napapanahong panalangin ng pag-ibig at ng Salita ng Dios, nang sa gayon ay matagpuan namin ang huling kaisa-isa na iyon, upang kami ay makabalik na sa Tahanan, at makalabas na sa matandang Eden na ito ni Satanas dito, Panginoon.

<sup>181</sup> Na pawang itinatag sa pagnanasa, at magagandang mga babae, gaya ng kung anong turing dito sa daigdig, na may mga nakapaskel na anunsiyo nila roon, “Kami ay nag-aanunsiyo, at nagnanais na magsidalò ang mga kabataang lalaki na may jam sa kanilang mga mukha, at mga magagandang dalaga na nakasuot ng shorts,” sa mismong mga radyo namin at mga telebisyon; at lahat na ng klase ng karumihan at kalaswaan, at Hollywood; lahat na ng klase ng mga seksi, malalalawa’t, mahahalay na mga damit para sa mga kababaihan. At—at ang mga lalaki na nagiging baligtad na at nagsusuot na ng mga damit-pambabae, at ginugupitan ang kanilang buhok na gaya ng sa mga babae; at ang mga babae kamukha na ng mga lalaki.

<sup>182</sup> Oh Dios, anong kahindik-hindik na panahon na ang kinabubuhayan namin! Oh, pumarito Ka na po, Panginoong Jesus, pumarito na! Pumarito Ka na po, Panginoon! Linisin Mo po kami sa pamamagitan ng Dugo. Alisin Mo po sa amin ang lahat ng karumihan at pandaraya. Tulutan Mo po kaming mabuhay, Panginoon, tulutan Mo po kaming mabuhay sa ilalim ng Dugo, nang tuluy-tuloy, sa Iyong harapan. Iyon po ang naisin ng aming mga puso, at siyang aming marubdob na samo.

<sup>183</sup> Mahal na Dios, nakalatag dito sa entab- . . . o doon sa, desk, sa gabing ito, kung saan nailatag ang Ebanghelyo. Panginoon, heto’t naririto ang mga panyo at maliliit na mga parselà na pinadadala para sa mga maysakit at nahihirapan. Hayaang ang panalangin ng pananampalataya, Panginoon, ay mahulog po ngayon mula sa aming mga puso, sa Iyong paningin. Saka, Panginoon, kung mayroon man pong anumang maruming bagay sa amin, Panginoon, kunin Mo po ang aming . . . dalhin po kami sa paghatol ngayon; at kami po’y sumasamo para sa awa. Ihayag Mo po sa amin ang ginagawa naming mali, Panginoon, nang sa gayon ay maaari naming hilingin, na kunin ang Dugo at kami po’y linisin. Pagalingin Mo po itong mga taong may sakit at gawing mabuti ang kanilang pakiramdam, Ama, maging ano man po ang patunguhan niyon, saan man po magtungo ang mga ito. Hayaan Mo pong magkagayon, Ama.

<sup>184</sup> Bigyan Mo po kami ng determinasyon na Ikaw, at Ikaw lamang po ang paglingkuran. Ipagkaloob Mo po iyon, Panginoon.

<sup>185</sup> Pagkalooban Mo po ng kaligtasan ang mga mahal na taong ito na papauwi na po.

<sup>186</sup> Salamat po sa Inyo sa kung paano Mo po pinagaling ang mga tao. At ang anak na batang lalaki nina Kapatid na babaeng

Shepherd at Kapatid na lalaking Shepherd, na nasaktan sa bisikleta, dalangin ko po na walang masamang kahahantungan iyon; ang munting bata sa pagsakay sa kanyang bisikleta, dalangin ko pong magiging maayos na siya. Pinasasalamatang Ka po namin sa Iyong pagpapagaling dito sa iba pa na aming hiniling. “At nalalaman po namin na ang hinihiling namin, ay aming tatanggapin, sapagkat nagtitiwala kami sa Isang iyon na nangako.”

<sup>187</sup> Bigyan Mo po kami ng Iyong biyaya, Panginoon, at patawarin kami sa aming mga kasalanan, hinihiling po namin sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>188</sup> Mahal n’yo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.] Sinasampalatayanan n’yo ba Siya? [“Amen.”] Kayo ba’y sawa at pagod na sa kaharian ni Satanas? [“Amen.”] Naniniwala ba kayong ito’y darating na sa Milenyum, sa Kanyang Milenyum; ang Kanya, sa Kanyang Eden? [“Amen.”]

<sup>189</sup> Naniniwala ba kayong nabuo na ito ngayon? Tingnan n’yo, ang lahat ay nakabase na sa mga intelektuwal. Ang lahat, ang bawat bagay, ay kinakailangang mapatunayan sa pamamagitan ng siyensiya bago nila iyon paniwalaan.

<sup>190</sup> At hindi mo mapapatunayan ang Dios sa pamamagitan ng siyensiya. Kinakailangang tanggapin mo Siya sa pamamagitan ng pananampalataya, “Sapagkat ang sinumang lumalapit sa Dios ay dapat sumasampalatayang may Dios, at siyang tagapagbigay-gantimpala sa mga masigasig na humahanap sa Kanya.”

<sup>191</sup> Oh Dios, wala akong ibang ibig malaman kundi ang Dugo ni Jesus Cristo na naglilinis sa akin mula sa kasalanan. Wala akong ibang alam kundi si Jesus Cristo. At gaya ng sinabi ni Pablo noong sinauna, ay gayon din na aking sinasabi ngayong gabi, “Wala akong anumang alam sa gitna ninyo, kundi tanging si Jesus Cristo, at Siya na ipinako sa krus.”

<sup>192</sup> Iyan lamang ang tanging alam kong sabihin sa inyo. Na, ang Bibliang ito, ay pinaniniwalaan ko nang buong puso ko (kung kilala ko ang aking puso), bilang siyang sakdal na dalisay na Salita ng Dios. Sa pamamagitan Nito ako namumuhay. Sa pamamagitan Nito ako tumitindig. At kung mayroon man akong sampung libong buhay, nais kong ibigay ang bawat kaliit-liitan niyon para sa Salitang ito, sapagkat ito’y ang Salita ni Jesus Cristo. At hindi mahalaga sa akin kahit na gaano pa nila piliting pabulaanan Ito, kahit gaano pa pilitin ng siyensiya na sabihing Ito ay hindi mapagkakatiwalaan, at iba pa. Sa akin, Ito lang ang tanging bagay sa mundo na maaari kong pagkatiwalaan, ay itong Salita. Siya ay akin, Mahal ko Siya. Kayo rin ba? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, “Amen.”—Pat.]

<sup>193</sup> Kung may isang pagkakasala sa inyong puso, kung may isang pagkakamali sa inyong puso, kung mayroon kayong

anuman, manalangin kayo ngayon at hilingin sa Dios na patawarin kayo. Ipanalangin ninyo ako; ipananalangin ko kayo. Pagpapalain kayo ng Dios, ang aking panalangin.

Till we meet! till we meet!  
God be with you till we meet again!

<sup>194</sup> Mahal n'yo ba ang isa't isa? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Ang sabi ni Juan, "Mga munting anak, magmahalan kayo sa isa't isa." "Magmahalan kayo sa isa't isa, sapagkat ang pag-ibig ay nakapagtatakip ng napakaraming mga kasalanan." Ngayon kamayan natin ang isa't isa.

God be with you till we meet again!  
Till we meet! till we meet!

<sup>195</sup> Ngayon maging mabait sa isa't isa. Maging mabait sa bawat isa. Pakitunguhan ninyo nang tama ang inyong kapwa. Panatilihin ninyong walang dungis ang inyong sarili hanggang sa dumating si Jesus.

. . . feet;  
Till we meet! till we meet!  
God be with you till we meet again!

<sup>196</sup> Mahal n'yo ba Siya? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.] Iyan ang dalangin ko. Ipanalangin ninyo ako; ipananalangin ko kayo. Kailangan ko nang bumalik sa Tucson ngayon. At ako—ako ay nananalangin na pagpapalain kayong lahat ng Dios. Pupunta ako sa Canada mula roon, at balik sa Colorado; lilibot, nang lilibot, nang lilibot, kita n'yo. Hanggang sa . . . ? . . .

<sup>197</sup> Si Kapatid na Tony ay nandoon, at may isang dakilang bagay na nangyari. Doon mismo sa ilalim ng Vaticano, sa Roma, sila ay nananawagan para sa isang rebaybal, isang pagtitipon, para pumunta ako doon at magdaos ng isang rebaybal sa Roma, sa Roma. Kababalik lang niya. Ang mga tao ay magkakasama nang lahat. Kumuha sila ng isang napakalaking arena doon, na kasya ang libu-libo, at nais nila akong pumunta para sa isang rebaybal. Nais nilang makita ang kaluwalhatian ng Panginoon sa ministryo. Hindi ko alam. Kailangan ko pang ipanalangin ang tungkol dito, tingnan kung anong sasabihin ng Panginoon sa akin. Oh, naku! Alalahanin, manalangin, tayong lahat na magkakasama. Tayo'y gumagawa . . .

We're watching for the coming of our blessed  
Saviour,  
Lo, and behold the fig leaves now becoming  
green;  
The Gospel of His Kingdom has gone to every  
nation;  
And we're near the end, can be seen.

198 Tama ba 'yan? [Ang kongregasyon ay nagsasabi, "Amen."—Pat.]

Then gladly away we'll herald the Message of  
His blessed appearing,  
Soon He's coming in glory, to tell to one and all;  
Then awake, ye saints of the Lord, why slumber  
when the end is nearing,  
Let's get ready for that final call.

199 Siya ay liliko sa kanluran at muling maglalakbay, isa sa mga araw na ito, alalahanin n'yo lang. Tiyak na gagawin nga niya. At iyan ay tama. Hanggang sa panahong iyon:

Take the Name of Jesus with you,  
Child of sorrow and of woe;  
It will joy and comfort give you,  
Take it, everywhere you go.

Precious Name (precious Name), O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet! (how sweet!)  
Hope of earth and joy of Heaven.

At the Name of Jesus bowing,  
Falling prostrate at His feet,  
King of kings in Heaven we'll crown Him,  
When our journey is complete.

Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven;  
Precious Name, O how sweet!  
Hope of earth and joy of Heaven.

200 Ngayon, sa huling taludtod na ito, awitin natin ito na ang mga puso ay nakayuko ngayon.

Take the Name of Jesus with you,  
As a shield from every snare;  
And when temptations around you gather, (ang mga bagay na ito na mula sa kaharian ni Satanas, kita n'yo, kita n'yo)  
Just breathe that holy Name in prayer.

201 Iyon lamang; pagkatapos ay lumayo ka na. Gumagana 'yon. Nasubukan ko na iyon. Sampalatayanan lang iyon ngayon, dahil gagana iyon. Sambitin lamang sa panalangin ang Kanyang banal na Pangalan.

. . . the Name of Jesus with you,  
As a shield from every snare;  
When temptations round you gather, (Ano'ng gagawin n'yo kung gano'n?)  
Just breathe that holy Name in prayer. (Ang Lambong ay tatakip sa inyong mukha kung gano'n.)


Precious Name (precious Name), O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven;  
 Precious Name, O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>202</sup> Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon, habang hinihiling ko kay Kapatid na Beeler na naroon sa likuran na magtungo rito sa entablado. [Si Kapatid na Branham ay nagsisimulang humiging ng *Take The Name Of Jesus With You*—Pat.]

Just breathe His holy Name in prayer.

<sup>203</sup> Ikaw na ang magpauwi sa amin, Kapatid na Beeler. Ikaw ang magpauwi sa amin sa pananalangin.

Precious Name,  
 Hope of earth and joy of Heaven;  
 Precious Name (precious Name), O how sweet!  
 Hope of earth and joy of Heaven.

<sup>204</sup> Ngayon habang nakayuko ang ating mga ulo, at ang ating mga puso ay nakayuko. Si Kapatid na Beeler, isa sa mga katuwang natin dito, si Kapatid na Estle Beeler, butihing kapatirang Cristiano, matapat na lalaki. Hihilingin ko sa kanya na pauwiin ang mga tagapakinig, sa gabing ito, sa pananalangin. Pagpalain ka ng Dios, Kapatid na Beeler. 

*ANG EDEN NI SATANAS* TAG65-0829  
(Satan's Eden)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng gabi, Agosto 29, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2010 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)